


Ang Anim Na Luping Layunin Ng Pagbisita Ni Gabriel Kay Daniel

 Pero labis na natuwa sa . . . ating mumunting kabataan na disi ang edad kaninang umaga, sa mumunting, alam n'yo, sa mumunting “nene” at “nini,” sa mumunting, ang mga, alam n'yo, mga kabataan na disi sa isang edad. At nagsisidalò sila sa simbahan, alam n'yo, na . . . Ang mumunting mga dalagita, na ganoon kasi ang edad, gustung-gusto nilang magpaganda, alam n'yo. Sila, alam n'yo, 'yung buhok nila'y nakapa-rolyo nang pataas nang paganoon, sa ibabaw ng kanilang ulo; napansin ko sila, habang nangangaral ako, na pawala, nang pawala 'yung rolyo. At, ilang sandali pa, hinahawi na nila 'yun sa kanilang mukha, 'yung mga rolyo nga'y tuwid na.

² Ang mumunting dalagita po ni Kapatid na babaing Downing, at—at napansin ko siya. At maging 'yung mumunting—mumunting—mumunting. . . Mumunting dalagita ni Kapatid na Collins. . . Ano po uli 'yung pangalan ng bata? Mumunting. . . [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, “Betty.”—Pat.] Betty, mumunting Betty. Medyo natawa ako nang kaunti, sa sarili ko. Pero hayan nga't napansin ko sila na mga maririkit, alam n'yo, na nag-ayos, at nung mismong sandali na 'yun talaga. . .

³ Buweno, pagpalain ang inyong mga puso, mga iha, kayo'y maririkit, para sa akin, ano't anuman. Tama 'yun. Ang *marikit*, ang, ang isang marikit na espiritu ay 'yun ngang dadalo at mauupo sa mga pagtitipon na gaya nito, at makikinig sa Ebanghelyo. Yun ang nagpapaging marikit sa isang dalagita. At sa palagay ko naman bawat tunay na kabataang lalaki, na karapat-dapat magpakasal, ay ganoon din ang takbo ng pag-iisip. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Amen.”—Pat.] Salamat, ginoo. Mainam po. May sumasang-ayon sa akin. Na, na tama 'yun. Buweno. Naniniwala nga ako na 'yan ang Katotohanan.

⁴ Ngayon hindi po ba't nakakabilib? Nabuklat ko po mismo diretso sa Daniel 9 nung buklatin ko ang aking Biblia. Ngayon, kadalasan sinasabi ko sa lahat, na huwag na nilang hubarin ang kanilang amerikana, kung may butas sila sa kanilang polo, kaya mangyaring wala sanang butas itong sa akin. Mangyari—mangyari kasi na may mga pagkakataon na di ko po mahubad, dahil may butas ang polo, hayan nga. At sa palagay ko naman wala ito.

⁵ Ngayon, oh, sa sarili ko, tayo. . . haya't naniniwala ako na maging sa mga tagapakinig, tunay na pinasasalamatan natin ang Presensya ng Espiritu Santo kaninang umaga.

At pinasasalamatan natin ang pagbubuklod at presensya ng bawat isa. “Kalugud-lugod, kay buti-buti, kaliga-ligaya, para sa magkakapatid na manahan na sama-sama sa pagkakaisa. Ito’y kagaya sa mahalagang langis na pamahid na tumutulo sa balbas ni Aaron, na umaagos hanggang sa laylayan ng kanyang damit.”

⁶ Ako po’y nagpunta’t kumain ngayong araw, sa may Blue Boar, at kung sino ngang nakatagpo ko dun kundi sina Kapatid na Bill dito, at Kapatid na babaing Dauch na nakaupo riyan, haya’t—haya’t magana ang kain nila dun sa mukhang katakam-takam, na pritong manok na nakita ko kailanman, at sadyang ganadong-ganado sila, ang sarap ng kain nila, alam n’yo. Ako nga’y umakyat sa itaas at nakatagpo ko roon ang malaking bahagi ng iglesya roon, at nagpripisinta pa sila na sila na raw ang magbayad sa tanghalian ko. Ngayon, nakalulugod po ’yun, pinasasalamatan ko ’yun.

⁷ Pagdating ko naman sa bahay, heto nga si Billy na may bitbit-bitbit na sangkahong mga kamatis na ibinyahe raw ng isang tao para sa akin, mula sa mainam, na preskong-preskong estado ng Georgia, kung saan preskong-presko raw ang klima sa dako roon, ang sabi nila sa akin, lalo na raw kapag ganitong panahon.

⁸ Pagkatapos, nakatagpo ko naman ang isang munting lalaki sa labas. Kagagaling ko lang sa mga panayam, nitong hapon, at papunta na ako ng simbahan nang mga isang oras at kalahati kanina, at ’yung munting . . . medyo kabataan siya na lalaki, sa may labas, sabi niya . . . sabi ko, “Mainit.”

Sabi niya, “Mainit *baga!*” Alam ko na taga-Georgia siya, kaya ang sabi niya, “Mainit nga rin sa may Georgia!”

⁹ Buweno, sinisikap nga nating umiwas sa dako na ’yun na mainit, hindi po ba? Yun ang ipinarito natin.

¹⁰ Salamat po na marami, mga kaibigan, sa inyong lahat na mga kabutihan. Ano kaya ang magagawa ko kung wala kayo? Sadya ngang ano—anong magagawa ko kung wala kayo? Kung walang nagmamahal sa akin, walang makikinig sa Mensahe, lahat po nitong mga Pagmemensahe ko’y magiging walang kabuluhan. Di ko naman puwedeng ipangaral Ito sa mga poste ng telepono’t mga punongkahoy. Hindi nila ito maiintindihan. Kaya marapat lang na sa mga taong kagaya ninyong lahat, na dadalo rito at makikinig dito. At sa tuwing nagpupunta kayo at nauupo sa isang mainit na lugar kagaya rito, at talaga pong . . . Sabi nga ng maybahay ko parang nalalapnos na raw siya riyan sa may likod, kaninang umaga. At ang makita ang mga tao, at kung minsan pa’y mga taong may sakit, na nauupo sa mga pagtitipon na gaya nun, haya’t ang Diyos ay magkaloob sa inyo ng isang—isang maganda’t, kalugud-lugod na tahanan sa Kaluwalhatian, ’yan po ang aking dasal. At ako po’y sadya lamang na umaasa’t nagtitiwala na Kanyang gagawin ’yan.

¹¹ Ngayon, tingnan natin. Ang amerikana ko, may nagdala nito rito. At ako'y magbabasa-basa nang kaunti ngayong gabi. Ilan po ang nasiyahan sa unang mga bahagi nito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, kung di lang po mainit, baka nagtuluy-tuloy po tayo, nang buong sanlinggo, dito sa may—sa may Aklat ng Apocalipsis. Sadya ngang gustung-gusto ko Ito. Sadyang ikinabubuhay ko Ito. At inyo pong ipanalangin, ako, nang sadya, sa sanlinggong ito, dahil sa parating na Linggong ito ay aking. . . Loobin ng Panginoon, kakailanganin kong ilakip ito, na ilalagay sa pagkakapuwesto ang mga sanlinggong 'yun. At 'yun po kasi'y isang bagay na wala akong nalalaman tungkol doon. At kaya ako'y buong umaasa lamang sa Panginoon na Siya'y magbibigay ng tugon sa akin.

¹² At ako—ako'y nakabasa na ng ilang iba't ibang kalalakihan na—na nangusap tungkol dito, na nakapagsulat tungkol dito. Nabasa ko na maging 'yung mga paliwanag sa ibaba ng pahina rito, ni Dr. Scofield, na isang mahusay na iskolar, pero tunay nga na di ako makasang-ayon sa kanya, sa marami sa mga paliwanag na 'yun sa ibaba ng pahina, dahil di ko makitakita. Mangyaring. . . Ang dapat kasi'y—dapat kasi'y saktong-sakto ang buong larawan mismo.

¹³ Ngayon, kung kayo nga'y bumubuo ng isang jigsaw puzzle halimbawa, at ang unang entrada n'yo agad, sasabihin n'yo, "Oh, para ito *rito*. Naku, sigurado ako para ito *rito*." Buweno, kailangan n'yo ngang tingnan 'yung disenyo nun sa banda rito, para makita n'yo ang ginagawa n'yo. At kung di n'yo—di n'yo titingnan, mapaglalabo-labo n'yo ang buong larawan.

¹⁴ Ngayon ano na lang kaya kung ang binubuo. . . ang larawan ay isang malawak, na magandang eksena ng probinsya, at ang baka'y nanginginain ng damo doon sa ibabaw ng isang puno? Ngayon, di nga tama (di po ba?), dahil di naman nanginginain ang baka ng damo sa ibabaw ng puno. Kaya, ganun din ito rito, inyong, haya't kung hindi ang Espiritu Santo ang maglalagay ng Kasulatan sa pagkakaayos. Kaya, dapat ang makukuha n'yo ay yaong kabuoan, na dakilang larawan ng pagtutubos. Yun ang gusto natin, ang Katotohanan. At hanggang sa malaman natin ang Katotohanan, isasantabi lang natin 'yan muna. At paglaon, kapag ibinigay na ng Diyos sa atin ang Katotohanan, buweno, kung ganoon ay ipapangusap ko ito.

¹⁵ Alam n'yo? Sa palagay ko sina Kapatid na Roy Slaughter at—at ilan sa mga matatagal na rito, na nagpasimula nito nang matagal nang panahon. . . Siguro'y nasa, sa palagay ko, parang unang tatlo o apat na taon pa lang noon ng pagmi-ministeryo ko, dito sa may tabernakulo, ayaw ko ngang mangaral noon patungkol sa paksa ng impyerno, dahil di ko—di ko mawari kung 'yun ba'y isang nag-aapoy na lugar, o kung 'yun ba'y isang libingan. At sa tuwing ipinangungusap ng Salita ang, *libingan*, ang salin na nakukuha ko'y, ang sabi'y, "*Hades*." Ang

Hades nga'y ang "libingan." Sa tuwing ipinangungusap Nito ang impyerno, "*Hades*, ang libingan." At isinantabi ko muna 'yun hanggang sa alam na alam ko na ang ipangungusap ko, dun pa lang ako nangaral tungkol sa impyerno; dun pa lang nung nasumpungan ko, ang buong larawan, at nakita ko kung saan ba talaga 'yun. Dahil, sa tingin ko ang isang ministro ay may pananagutan sa Diyos, sa bagay na sinasabi niya sa kongregasyon, dahil ang mga tao nga'y manghahawakan dun. At kaya, paano na, ano na lang kaya kung napahawak ko pala sila sa pagkakaposisyon na mali, at tapos darating 'yung panahon na 'yung pagkakahawak na 'yun ay di na makapapanindig pa? Kita n'yo?

At doon nga sa pangitain na 'yun na ibinigay sa akin ng Panginoon, nang may katagalan na, nung ang milyun-milyon na 'yun . . . nung ang Isa na 'yun ay mangusap sa akin, na ang sabi, "Hahatulan kang, una, sa Ebanghelyo na ipinangangaral mo."

16 Ang sabi ko, "Nangangaral ako ng siya ring ipinangaral ni Pablo, at ng iba pa."

17 At lahat ng milyun-milyong tinig na 'yun ay sumigaw, "Kami'y nakasandig roon." Yun nga 'yun. Kita n'yo? Siyanga.

18 Mangyari po na gusto kong ituloy ito ngayong gabi, ngayon, para di na tayo humaba pa. At huwag n'yo pong kalimutan ngayon . . . Ngayon, nitong umaga . . . May kaunting mga inilista ako rito. Kaninang umaga nangusap ako tungkol kay Daniel na naroon noon sa pagkakabihag, si Gabriel nga'y pinuntahan siya at tinagubilinan siya patungkol sa hinaharap. Yun ang paksa natin kaninang umaga, ang tagubilin patungkol sa hinaharap.

19 Ngayon, sa gaging ito, mangungusap tayo tungkol sa *Ang Anim Na Luping Layunin Ng Pagbisita Ni Gabriel Kay Daniel*. Sa susunod na Linggo, loobin ng Panginoon, ay ilalagay na sa pagkakaposisyon ang pitumpung sanlinggo, kung saan sila nabibilang, sa salik ng panahon. At saan nga ba tayo nakatayo? Ngayon, kung masusumpungan lang natin 'yan at titiyakin nga mismo, na positibong-positibo tayo, kung ganun ay malalaman natin kung ano na bang oras mismo ang kinabubuhayan natin. Ngayon, di natin malalaman kung kailan Siya Paparito; wala ngang makakaalam n'yan. Si Jesus man ay di 'yan alam, Siya Mismo. Sinabi Niya na hindi Niya alam. Ang sabi Niya'y ang Ama, lamang, ang nakakaalam nun. Maging mga Anghel ay di 'yun nalalaman. Wala sa atin ang nakakaalam kung kailan Siya darating, pero masasabi natin ang—ang oras na . . . ang panahon na kinabubuhayan natin, na batid kung gaanong kalapit na talaga tayo.

20 Ngayon, bilang pagbabalik-tanaw, dahil nirerekord ito ng mga kalalakihan sa teyp . . . Ang mga kagamita'y kasalukuyang nagrerekord sa silid. At ang mga teyp, hayon nga, ipinadadala ang mga ito, sa lahat ng dako.

²¹ Ngayon, ang aralin kaninang umaga, matapos na magbalik-tanaw tayo sa ika-4 at ika-5 kabanata, mangyaring nanatili tayo sa . . . simula nung ika-9 na kabanata ni Daniel. At ngayon, ngayong gabi, magpapatuloy tayo sa ika-9 na kabanata. Bago natin talakayin ito, iyuko po muna natin ang ating mga ulo pansumandali at makipag-usap sa May-Akda ng Salita.

²² Aming mapagbiyayang Diyos, nakasisigurado po kami na batid Mo ang mismong layunin ng aming puso. Batid Mo kung bakit kami naparito. At batid Mo na di kami naparito ngayong gabi dahil lang sa iniisip namin na kaaya-ayang lugar ito na puntahan, na makapagpahinga kami marahil nang kaunti para sa hapon na ito. Ama, naniniwala ako na wala ni isang tao rito na may ganyang pakay. Naniniwala ako na naparito kami sa gabing ito dahil kami'y lubos na tapat, na totoong, nag-aasam na malaman ang GANITO ANG SABING PANGINOON.

²³ Iniibig Ka po namin, Panginoon, at iniibig namin ang Iyong Salita. At kahit na ang dako na ito na inilaan Mo para sa amin, ay simpleng bubungan lang sa aming ulunan, at bloke lamang ng semento ang dingding, kami'y nagpapasalamat sa Iyo para sa dakong ito. Dahil, naniniwala kami na may isang Tahanan sa ibayo ng alapaap, kung saan kami patungo sa gawing iyon. At naiisip po namin ang mga ninuno namin na hindi man lang nagkaroon ng pribilehiyong ito, at ibinubunsod nito na iyuko namin ang aming mga puso sa kahihyan, Panginoon, na kami'y nakakapagreklamo pa.

²⁴ Ngayon, Ama, dalangin namin na Iyong buksan sa amin, sa gabing ito, ang Kasulatan. Ikaw po'y pumarito, na sumamang lumakad, sa tabi ng bawat isa sa amin, sa pagtahak po namin sa daang ito ngayong gabi. Ikaw po'y mangusap sa amin gaya ng ginawa Mo noon sa kanila na mga papuntang Emaus, mula sa Jerusalem. Na, kapag natapos na ang gawain, ngayong gabi, kami'y uuwi sa sari-sarili naming mga tahanan at magsasabi, "Hindi бага't ang mga puso nati'y nag-alab sa loob natin habang pinakikinggan natin Siya na nangungusap sa pamamagitan ng Kanyang Salita!"

²⁵ Iyo pong pagpalain ang pagbasa. Iyo pong pagpalain ang kapos kong pagsusumikap, Panginoon. Iyong buksan ang aking bibig sa bagay na katotohanan, at itikom sa bagay na hidwa. At Iyong kunin ang kaluwalhatian para sa Iyong Sarili, at kaluwalhatian sa Iyong mga tao, nang sa gayon ay makita nila ang oras na kinabubuhayan namin at ang papalapit nang Pagparito ng Panginoong Jesus. Sapagkat, hinihiling namin ito sa Kanyang—Kanyang Pangalan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁶ Ngayon, para magbalik-tanaw lang sa ating mga Kasulatan pansumandali, nasumpungan nga natin na si Daniel ay naroon noon sa pagkakabihag nang animnapu't walong mahabang taon.

Isipin n'yo 'yun! Ngayon, sa inyo, at sa inyong papel at lapis, na di ito nailista kaninang umaga, marahil maililista n'yo na ito ngayong gabi. Mula A.D. 606 hanggang 538. I-menos n'yo ang 538 sa 606, makukuha n'yo ang animnapu't walong taon na si Daniel ay naroon noon. . . isang bihag; walang simbahan na madaluhan, walang mga pangangaral na mapakinggan, wala. Pero may ilang mga aklat siya, ilang mga balumbong aklat, na iprinopesiya ng isang propeta bago siya, at 'yun ay—'yun ay si Jeremias.

²⁷ Ngayon, habang pinag-aaralan niya ang mga Kasulatan, nakita niya na ang panahon ay papaubos na, na 'yung panahon na pitumpung taon. . . At mapitagang sinasampalatayanan ni Daniel ang bawat salita na ipinangusap ng propeta Jeremias. At sasabihin ko nga ito, sa aking pinangangaralan ngayong gabi: Dapat ba nating paniwalaan ang ating mga propeta? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, po. Dahil ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta. Taglay nila ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At ang tunay na propeta'y hindang-hindi lilihis mula sa—sa salita ng isa pang propeta. Hindi nila pagsasalitain Ito ng isang bagay na di naman Nito sinalita. Sasabihin nila nang eksakto kung ano ang sinabi mismo ng tunay na propeta, 'yun ang nagpapaging propeta sa kanila. Pagkatapos nga'y kukunin nila 'yun, at mangyari nga na paunang masasabi nila ang bagay na parating, sa pagkaka batid nito, nang may takot sa kanilang puso, na baka may masabi sila na anumang bagay na mali at sanhi pa na maakay ang isang tao sa pagkaligaw. Ayaw nating gawin 'yan. Ang nais nati'y lubos na nakatitiyak tayo na kamit natin ang Salita ng Panginoon bago natin sabihin na GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Kailangan kasi'y lubos, na direktang mensahe ito mula sa Luklukan ng Diyos, o kung hindi'y hindi natin 'yun sasabihin kailanman.

²⁸ Ngayon, habang pinag-aaralan niya ang mga Kasulatan, nakita niya na ang pitumpung taon ay papaubos na. Kaya, siya na naroon nang animnapu't walong taon, dalawang taon na lang ang natitira sa hinaharap hanggang sa ipanauli ng Diyos ang Kanyang bayan pabalik sa kanilang lupang sarili.

Habang naroon siya sa pananalangin, nalaman natin na may makapangyarihang Anghel na dumating mula sa Langit. Mayroon ba ritong makapagsasabi ng pangalan Niya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Gabriel."—Pat.] Gabriel. At Siya nga ang Anghel para sa iglesyang Judio. Ilan ang nakakaalam n'yan? Sa lahat nga ng eksena, ay si Gabriel. Si Gabriel ang mensahero para sa iglesya, iglesyang Judio; dumating noon kay Maria; dumating Siya roon kay Zacarias. Sa tuwina, si Gabriel. At isa Siya sa makapangyarihang mga Anghel ng Langit. At hindi ba't napakainam ng pambungad na pagbati mula sa Diyos na dinala Niya sa ating Kapatid na Daniel! "Oh, Daniel, mainam na minamahal!"

29 Hindi ba't magdadala 'yun ng mainam na pakiramdam sa inyo, na isipin na minamahal kayo ng Diyos? Kung ako nga'y di mainam na minamahal, masaya na akong malaman na kahit paano'y minamahal ako nang kaunti sa dako Roon, hindi ba't kayo rin? Siyanga. Yun bang kahit... Iniisip Niya ako, paminsan-minsan, ako nga'y gusto kong mapahiyaw, na isiping nagmamalasakit pala Siya sa akin. At hayan nga na may katiyakan tayo na tunay na may malasakit Siya para sa atin, dahil, "Noong tayo'y mga makasalanan pa, namatay si Cristo kapalit natin," kapatid. At, ngayon, habang tayo'y hiwalay noon sa Diyos, ay inilapit tayo ngayon sa Diyos at pinagkalooban tayo ng katibayan ng ating kaligtasan, na siyang, ang Espiritu Santo. At kamit-kamit ang pananampalataya na 'yun na itinataas tayo mula sa mga bagay ng sanlibutan, at nakapailanlang tayo sa ibabaw nun. Grabeng maluwalhati. Di po ba? Buweno.

30 Habang nasa pananalangin, dumating si Gabriel at di lang sinabi sa kanya na may dalawang taon na lang bago sila makabalik sa kanilang sariling lupain, hayan nga't sinabi rin sa kanya ang buong kahahantungan ng bansang iyon. Isipin n'yo 'yun! Ang buong kahahantungan, bawat lakbayin nila mismo sa lupa, haya't ipinaliwanag ni Gabriel kay Daniel. Sinabi na Siya ay isinugo para sabihin kay Daniel ang dakilang bagay. Grabe marahil ang naramdaman ng propetang 'yun! At sinabi Niya sa propeta na may pitumpung sanlinggo na itinakda sa bayan, hanggang sa kawakasan; ang tinutukoy nga'y ang katapusan ng panahon, kaya matatapos ang lahat, sa kawakasan. Sabi Niya, "May pitumpung sanlinggo."

31 May ilan na pinalawig 'yan na mga buwan daw, may ilan na mga araw daw, may ilan... Huh! Kung aktuwal na mga sanlinggo, mangyari nga na may halos dalawa't sangkapat na taon lang, o isa't sangkapat na taon lang nun. At, kita n'yo, inyong... Diyan nga natin dapat ito tuklasin, upang humusto talaga.

32 "Pitumpung sanlinggo ang ipinasya sa iyong bayan." Para sa anong layunin? Para sa ano? Sa kaninong bayan 'yun ipinasya? Sa bayan ni Daniel, mga Judio. At para saan 'yun ipinasya? Hindi lang para kay Daniel, kundi pati sa banal na bayan ni Daniel; kita n'yo, banal na bayan ni Daniel. Ngayon, mga mag-aaral, ano yaong banal na bayan ni Daniel? [Sinasabi ng kongregasyon, "Jerusalem."—Pat.] Jerusalem.

33 At ngayon tatalakayin natin, marahil matatalakay natin ito ngayong gabi: Saan ba ang Jerusalem? Sino ang nagtatag ng Jerusalem? Naisip n'yo na ba 'yun noon? Sino ang nagtatag ng Jerusalem? Kailan ito naitatag? Matatalakay natin 'yan, maya-maya. Sino nga ba ang nagtatag ng Jerusalem? Naku, isa nga itong mumunting bagay na naitago sa sulok, pero sinasabi nga Nito mismo. Siyanga, po. Sino ang nagtatag ng Jerusalem, at

kailan 'yun natatag? Buweno. At 'yun po ang banal na bayan ni Daniel.

³⁴ At nauunawaan natin na ang bayan na 'yun, na naisumpa nang dalawang libong taon ngayon, ay itatayong muli't itatag muli. At pairalin muli ang pagsamba sa templo katulad mismo nung pasimula. Ganoon nga. Ganoon ang mangyayari mismo sa Jerusalem, ngayon, at magkakaroon ng paghahain, isang araw-araw na pag-aalay na ihahain muli katulad mismo nung una. Matatalakay natin ang halos lahat nito, sa palagay ko, ngayong gabi, o malaking bahagi nito.

³⁵ Ngayon gusto kong malaman n'yo, mga kaibigan, na, sa pagtuturo ko sa mga bagay na ito, tiyak na may makakaligtaan ako na mga sanlinggong-haba na mga turo. Pero kaunting pagtatalakay siguro ang gagawin ko, nang sa gayon kapag ang klima'y lumamig-lamig na, o di rin naman magtatagal marahil, kapag dumako na tayo roon sa Pitong Tatak, Pitong Mangkok, Pitong Pakakak, lahat ng mga bagay na ito, ay puwede kong balingan 'yun pabalik at sasabihin, "Naaalala n'yo ba 'yung tungkol sa pitumpung sanlinggo ni Daniel? Naaalala n'yo ba 'yung tungkol sa kapanahunan ng Iglesia, nung agawin na ito, at kung anong nangyari?" At saklaw ng pitumpung sanlinggong ito ni Daniel itong mula sa pag-agaw sa Iglesia hanggang sa pagbabalik ng Iglesia. Yung espasyo na 'yun ang saklaw nito. Ngayon, ngayon, hindi 'yung buong pitumpung sanlinggo ni Daniel; haya't bahagi lang. "Pitumpung sanlinggo ang ipinasya."

³⁶ Ngayon, may anim na luping layunin ng pagbisita Niya, na sinasabi kay Daniel ang bagay na mangyayari. Ngayon, may anim na lupi nga na layunin ang Kanyang pagdating. Ngayon, sa gabing ito, sa palagay ko magtutuloy-tuloy na tayo rito sa mga Kasulatan kung nasaan tayo kaninang umaga, kung saan may anim na luping layunin. Narito na tayo. Ngayon nasumpungan natin na may anim na luping layunin, isa rito. Ngayon dumako tayo sa . . .-apat na kabanata, sa . . .-apat na talata . . .ika-24 na talata ng ika-9 na kabanata ng Daniel.

At pitong pung sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao. . .

Ngayon alalahanin n'yo, hayan mismo ang buong pagtahak ng mga Israelita dito sa lupa. Ipinasya sa kanila. Pitumpung sanlinggo ang ipinasya lamang. Yun lamang ang buong inilaan sa mga Judio.

. . .sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan, . . .

Samakatwid, itong pitumpung sanlinggo na ito, ngayon huwag n'yo po itong palampasin, ihahayag nga nito ang mula sa panahon na 'yun hanggang sa wakas ng mga Judio, at gayun din sa wakas ng Jerusalem, hanggang sa may bagong bayan na

itatayo mismo. Ngayon, oh, umaasa ako na matutugaygay natin 'yan, nang husto't malalim ngayong gabi.

...ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan,... (Para ano?) *...upang tapusin ang pagsalangsang,...*

³⁷ Ano ang sinabi Niya sa kanya ngayon? Hayan nga siya na sinisikap malaman kung gaanong kahaba pa. “Alam ko na narito na kami sa wakas ng panahon.” Gaya natin ngayon, “Panginoon...”

³⁸ Ilan dito sa mga nag-aaral, ngayong gabi, ang naniniwala na narito na tayo sa wakas ng panahon? Magsabi ng, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Salamat. Nandito na tayo sa wakas. Ngayon sinisikap nga nating masumpungan, sa pamamagitan ng Diyos, kung gaanong kahaba na lang ang itatagal. Ano na bang araw ang kinabubuhayan natin? Yan ang dahilan kaya bumabaling tayo pabalik at tinatalakay ang mga propetang ito, at iba pa, at sinisikap na masumpungan kung nasaan na ba tayo.

³⁹ At 'yan mismo ang ginawa ni Daniel. Itinuon niya ang kanyang mukha sa Diyos. Ilan po ang nakabasa ng Daniel 9 ngayong araw? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Sige. Nakita n'yo ang kanyang pananalangin, kung papaano na ipinagtapat niya ang sala ukol sa kanyang bayan, at maging pagtatapat ng sala ukol sa kanyang sarili. Gusto niyang makasigurado na malaman kung kailan sila babalik, dahil gusto niyang makapaghanda ang mga tao na makabalik.

Ngayon, ang sinisikap ko namang gawin dito'y, ang alamin kung kailan tayo papaitaas, at ihanda ang mga tao sa pagtaas, na mga taong handa. At itinuon natin ang ating mukha sa Diyos, sa pamamagitan ng pananalangin at pagsusumamo, para malaman mismo, “Panginoon, ano na po bang oras itong kinabubuhayan namin?”

⁴⁰ Nakikita na natin ang lahat ng sari-saring mga bagay na ito na nagaganap; nakikita na natin ang mundo na nasa ganap na kaguluhan na mismo. Nakikita na natin na ang oras ay malapit na. Ang s-...sulat-kamay sa pader, lahat ng sinabi mismo ng Diyos. Naririnig natin ang ating Presidente na may ipinapangusap siyang isa na namang digmaan, na ngayon nga'y paparating. May naririnig-rinig na tayong mga hula, “Sa loob ng, oh, sa loob ng ilang mga oras lang pagkasimula ng digmaan, haya't inihuhula na ang mga bansa'y maglalaho't abo na lang ng bulkan.” At alam natin na darating 'yan.

Mangyari nga na alam natin, na bago 'yan mangyari, ang Iglesya nga'y aalis at aalis muna. Kaya, “Panginoon, nasaan na po kami?” Yan ang dahilan kung bakit naniniwala ako na Kanya ngang ipaaalam sa atin. Itinuon natin ang ating mga

mukha nang sa gayon ay malaman natin. Ngayon, unang-una'y, alamin natin.

Pitong pung sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao...sa iyong banal na bayan, upang tapusin ang pagsalangsang...wakasan ang pagkakasala, at upang papaglinisin ang kasamaan...upang dalhan ng walang hanggang katuwiran, ...upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula, at upang pahiran ang Kabanalbanalan.

41 Yan ang anim na luping layunin ng pagbisita ni Gabriel.

42 Ngayon simulan natin, bilang isa. Kung gusto n'yo pong markahan ito, sa inyo na may mga lapis. Bilang isa, "Upang tapusin ang pagsalangsang," 'yun ang una. Ngayon, upang tapusin ang pagsalangsang ng Israel, na sumalangsang laban sa Diyos, ay ang pagpapabaling na humiwalay si Jacob mula sa kalikuan.

Ngayon, kung nasaan ito, bumuklat tayo sa Mga Taga-Roma. Sa ika-11 kabanata ng Mga Taga-Roma, at magsimula sa ika-21 talata ng Mga Taga-Roma 11. Ngayon tatalakayin natin ang ano? "Ang tatapusin ang mga pagsalangsang." Mga Taga-Roma 11:21. Sige.

Sapagka't kung hindi nga pinatawad ng Dios ang mga talagang sanga... (Na sino? Ang Israel)... mag-ingat ka baka... ikaw man ay hindi patatawarin.

Ngayon, gusto kong inyong, pag-uwi n'yo sa bahay n'yo, na basahin n'yo ang buong ika-11 kabanata. Itong bahagi lang na ito ang babasahin ko kaya... Markahan n'yo ang buong ika-11 kabanata mismo, at basahin 'yun.

...hindi patatawarin.

Masdan mo nga ang kabutihan...ang kabagsikan ng Dios: sa nangahulog, ...datapuwat sa iyo, ay kabutihan, kung mamamalagi ka sa kabutihan: sa ibang paraan ay ikaw...man ay puputulin, puputulin din.

At sila naman, kung hindi mangagsisilagi sa di... kung hindi mangagsisilagi sa di pananampalataya, ay mangakakasanib: sapagka't makapanggyarian ang Dios upang sila'y isanib na muli.

Kita n'yo, binabanggit nga na darating ang panahon kung kailan ang mga Gentil ay puputulin, at ang Israel naman ang ipanunumbalik muli.

Sapagka't kung ikaw ay pinutol doon sa—doon sa talagang olibong ligaw (mga Gentil), at laban sa kaugalian ay isinanib...

Tayo nga'y laban sa kaugalian, nakahiwalay, walang kamit na kaawaan, walang Diyos, walang kapaga-pagasa. At ang

Diyos, dahil sa Kanyang habag, para mabigyan tayo ng pagkakataon, ay pinutol ang matuwid na Israel dahil sa mga pagsalangsang, at isinantabi sila, ang lig-... ang talagang puno ng olibo, at inihugpong ang isang ligaw na puno ng olibo, na laban sa kaugalian.

...sa mabuting...puno: gaano pa nga ang mga ito, na mga talagang sanga, na mangakakasanib sa kanilang sariling punong olibo?

Buweno, basahin pa natin.

Sapagka't hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling haka; na ang katigasan ng isang bahagi ang nangyari sa Israel, ay nangyayari sa Israel, hanggang sa ang kapunuan ng mga Gentil...ay pumasok.

⁴³ Hanggang sa tapos na ang Diyos sa mga Gentil, ang Israel nga'y binulag. Napadpad sila sa kasalanan at pagsalangsang laban sa Diyos, dahil binulag ng Diyos ang kanilang mga mata, nang sa gayon ay maihugpong tayo. Nakukuha n'yo? Sige't ika-26 na talata na:

At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas:...

⁴⁴ Sinadya ng Diyos na bulagin sila para sa inyo at sa akin. Hindi sila makakita, dahil binulag sila ng Diyos. At ang buong Israel, na totoong Israel, ay maliligtas. Ano ang sinabing Anghel? Maluwalhati! "Upang tapusin ang pagsalangsang ng Israel! Naparito Ako para sabihin sa iyo na darating ang panahon na ang pagsalangsang ng Israel ay tatapusin." Puputulin ng Diyos ang sangang ligaw, at ihuhugpong dun, pabalik, ang tunay na sanga muli.

⁴⁵ Oh, kung minsang'y ibinubunsod n'yan na mapalukso ang puso ko, na makita sila na mga kaawa-awa't, kahabag-habag na mga tao'y inihawalay sa dako roon, na walang pagkabatid kung saan sila patutungo; at ang isipin na ang Diyos, sa Kanyang kahabagan, ay ginawa 'yun nang sa gayon ako ay maligtas. Binulag ang kanilang mga mata mula sa sarili nilang Mesiya, sinaraduhan ang kanilang mga tainga nang sa gayon ay di nila Siya marinig; gayong, nakatingin na sila mismo sa Kanyang mga paghihimala, at samantalagang nakatingin na mismo sa Kanyang mga paghihimala't mga bagay-bagay na Kanyang ginawa.

⁴⁶ Mateo, sa tingin ko'y, sa ika-12 kabanata, o ika-8 o ika-12 kabanata, sabi, "Bagama't si Jesus ay gumawa sa harapan nila ng maraming mga himala, ay di pa rin sila makasampalataya." Dahil, ang sabi ng Diyos, "Mayroon silang mga mata at di sila makakita, at mga tainga at di naman sila makarinig; malibang makakita sila sa kanilang mga mata at makarinig sa kanilang mga tainga, haya't pagbabaliking-loob Ko sila." Pero, upang

magkaroon nga tayo ng pagkakataon, ibinaba Niya ang tabing sa mga mata ng Kanyang Sariling mga anak, pinaalis ang Kanyang Sariling mga anak palayo sa mesa, at pinapayat sila sa Espiritu, nang sa gayon makasumpong Siya . . . nang sa gayon ay magkaroon tayo ng pagkakataon na mabuhay, mabigyan tayo ng Buhay. Ika-26 na talata, muli.

At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat, Magbubuhay sa Sion ang Tagapagligtas, at maghihiwalay kay Jacob sa kalikuan:

⁴⁷ Oo, darating Siya sa Bundok ng Sion, isa sa mga araw na ito. Sa ibabaw ng Bundok ng Olibo, makikilala nila Siya, at ang buong Israel ay makakakilala na Siya ito. Sa panahon na 'yan ay tapos na ang mga Gentil. Yaong sanga na 'yun na inihugpong dun, kukunin na ng Diyos mula dun ang bunga na titipunin. At ang ligaw na sangang 'yun ay . . .

⁴⁸ At ngayon alalahanin n'yo, kung babaling kayo pabalik dito sa pagbabasa, ang sabi Niya, "Kung ang mga ugat ay banal, at ang mga ugat na 'yun ay banal na Ugat, mangyari rin na ang bunga na magmumula sa banal na Ugat ay mamumunga ng banal na bunga." At kung ang Ugat na 'yun ay si Jesus Cristo, na Siyang kapwa Ugat at Supling ni David; kung ang Buhay na 'yun ay nasa Kanya, na lumabas mula sa lahi ng mga Judio at pinutol mula sa kanila, at ang kanilang mga mata'y binulag nang sa gayon tayo ang makakita, haya't ang buhay nga natin ay dapat na humalintulad sa pinagpalang Sanga na 'yun. Oh, siyanga, kapatid. Ganoon nga.

⁴⁹ Pinutol sila ng Diyos, nang sadya, at binulag ang kanilang mga mata nang sa gayon ay magkaroon tayo ng pagkakataon na makakita, mabigyan tayo ng isang pagkakataon. At heto tayo na magpapalakad-lakad na para tayong kung sino. Sinabihan sila ni Pablo rito, "Mag-ingat kayo, sa bagay na pamamaraan n'yo. Mag-ingat kayo! Sapagkat kung hindi pinanghinayangan ng Diyos ang talagang sanga, paano pa kaya Siya mahahabag sa ligaw na sanga na ang ginagawa'y . . ."

Kaya 'yang paglalakad-lakad natin, na sinasabi, "Isa akong Presbyterian! Isa akong Methodist! Isa akong Baptist! Isa akong Pentecostal!" Wala nga 'yang kabuluhan sa Diyos. Ang kailangan n'yo ay maipanganak na muli sa Espiritu Santo na nagbuhay mula sa Ugat. Pero dumating Siya . . .

⁵⁰ Ngayon, alalahanin n'yo, hindi Niya binabanggit ang mga Gentil. Isinasama ko lang 'yan dito nang sa gayon makita n'yo kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang mga Gentil.

⁵¹ Pero, dumating Siya "upang tapusin ang pagsalangsang," tapusin na 'yun mismo. Ngayon, kung babalikan natin ang Daniel uli, haya't makikita natin diyan sa Daniel, makikita natin dito, sa ika-24 na talata. Buweno. "Upang tapusin ang

pagsalangsang.” Upang tapusin ang ano? Upang tapusin ang pagsalangsang ng Israel.

Ano ba ang *pagsalangsang*? Yun nga’y ang sumalungat sa isang bagay. Ang pagsalangsang laban sa akin, ay ang gawan ako ng mali. Ang pagsalangsang sa inyo, ay ang gawan kayo ng mali.

Kaya, ang Israel ay nakagawa ng mali sa Diyos. At sa ikapitumpung sanlinggong ito, anong mangyayari? Tatapusin ng Diyos ang pagsalangsang ng Israel. “Ang tapusin ang pagsalangsang,” ay ang, “ihiwalay si Jacob sa kalikuan.” At pagkatapos ang Israel ay ipanganganak na muli. At lahat sila’y tatanggap ng Espiritu Santo.

Ngayon, bilang dalawa, isulat n’yo lang sa inyong papel.

⁵² Makabababad nga tayo riyan nang matagal, pero ayaw ko lang dumako sa pagpapangaral n’yan. Gusto ko lang ipangusap sa inyo, nang sa gayon ay maalaman n’yo. Para sa pagdako natin dito sa Pitong Tatak, hayan nga na mabilis n’yo nang matutugaygay ang Iglesya, dadaanan ang Mga Tatak, dadaanan ang mga Salot, at maalaman kung nasaan na ba tayo nakatayo. Sige.

⁵³ Bilang dalawa, “Wakasan ang pagkakasala.” Ngayon basahin lang natin muli, Daniel.

...upang tapusin...pagsalangsang, at—at upang wakasan ang pagkakasala,...

Yun ang pangalawang layunin ng Kanyang pagdating. Una, ay ang tapusin ang pagsalangsang ng Israel; at wakasan ang pagkakasala. Saan nagkasala ang Israel? Saan nila nagawa ang pinaka matindi nilang pagkakasala? Saan nila naihiwalay ang kanilang sarili mula sa Diyos?

⁵⁴ Ngayon pakinggan n’yong maigi. Bumuklat tayo sa San Mateo 24. At dito nagawa ng Israel ang pinaka nakamamatay nitong pagkakamali. Dito niya nagawa ang kahuli-hulihan niyang pagkakasala, at ang dahilan kung bakit nalugmok siya sa kalagayan niyang ’yan ngayon. Mateo, sa ika-27 kabanata ng Ebanghelyo ni San Mateo, at sa ika-25 talata ng ika-27 kabanata. Simulan natin sa bandang—bandang ika-21 talata.

Datapuwa’t sumagot ang gobernador at sa kanila’y sinabi, Alin sa dalawa ang ibig ninyong sa inyo’y aking pawalan? At sinabi nila, Si Barrabas.

Ngayon alalahanin n’yo, ang Israel po ito. “Barrabas!”

Sinabi sa kanila ni Pilato, Ano ang gagawin ko... kay Jesus na tinatawag na Cristo? (Pakinggan n’yo sila!) Sinabi nilang lahat sa kanya, Mapako siya sa krus.

Alalahanin n’yo, hayan nga ang kanilang Mesiyas na sinabi ni Daniel na darating. Alalahanin n’yo kaninang umaga, sa pag-

aaral dito, “Mahihiwalay Siya, hindi sa ganang Kanyang Sarili,” hindi sa bagay na ginawa Niya.

. . . Mapako siya sa krus.

At sinabi ng gobernador, Bakit, anong kasamaan ang kaniyang ginawa? Datapuwa’t sila’y lalong nangagsigawan, na nangagsasabi, Mapako siya sa krus.

Pagkatapos nakita ni Pilato na wala siyang magawa, kundi . . . bagkus pa ngang lumalala ang kaguluhan, at siya’y kumuha ng tubig, at naghugas ng kaniyang mga kamay sa harap ng karamihan, na sinasabi, Wala akong kasalanan sa dugo nitong matuwid na tao: ang . . . bahala niyan.

55 Pakinggan n’yo! Heto ang kanilang pagkakamali. Heto ang kanilang pagkakasala.

At sumagot . . . ang bayan, at nagsabi, Mapasa amin ang kaniyang dugo, at sa aming mga anak.

56 Diyan nila nagawa ’yun sa punto na ’yan. Ibubunsod Niya na magwakas ang pagkakasala para sa kanila. Paano’t ano pa ang magagawa Niya kundi patawarin sila, yamang nalalaman na kinailangan Niyang bulagin ang kanilang mga mata, nang sa gayon tayo nama’y makapasok? Mistula nga itong Kanyang Sariling mga anak na nananawagan para sa Kanyang Dugo. At sila’y binulag, at alam Niya na sila’y binulag. Yun ang dahilan kung bakit nagsumamo Siya na sila’y patawarin. “Iyong patawarin sila, Ama, sapagkat di nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” Bulag sila. Para sa kapakanan natin sila’y binulag. Sa kanilang di pananampalataya’y nagawa nila ito. Pero sa panahon mismo na kanilang makikita Siyang muli . . . Amen!

57 “Wakasan ang pagkakasala.” Ano ba ang kasalanan? Di pananampalataya. Di sila nanampalataya na ’yun ang Mesiyas. Di nila makita-kita Siya bilang Mesiyas, gayong nagpamalas na Siya ng bawat tanda na nagagawa ng Mesiyas. Pero di nila makita-kita. Bulag sila.

58 Kaya kapag may makikita kayong mga tao na nagsasabi, “Hindi ako naniniwala sa Makalangit na kagalingan. Di ko ito makita-kita. Di ko makita-kita ang bautismong ito ng Espiritu Santo.” Huwag kayong magalit sa kanila; bulag sila. Sasabihin nila, “Di ko makita-kita itong Mensahe na ito ng Kanyang Pagparito. Di ko makita-kita itong bautismo na ito ng Espiritu Santo. Di ko makita-kita ang binhi ng serpiyente. Di ko makita-kita ang bagay na ito.” Bulag kasi sila, at di nila ’yun nalalaman. Ipanalangin n’yo na lang sila. Buweno.

59 Yan nga’y sa kanilang kawalan ng pananampalataya; pero, kapag nakita na nila Siya, sa pagparito Niya muli, ibubunsod nun na ang kanilang di-pananampalataya’y magwakas. Oh, grabe! Sige’t bumuklat muna tayo sa Genesis sa ika-25, sa ika-

45 kabanata, at kumuha tayo ng—ng tipo nito. Naisulat ko rito ang ilang bahagi, ng Genesis 45, sa inyo na mga naglilista ng tala. Oh, gustung-gusto ko talaga ang mabuting matandang Ebanghelyong ito! Buweno. Ngayon alam na natin kung nasaan na tayo.

Naririnig n'yo ba akong maigi, diyan sa likod ng gusali? Itaas n'yo ang inyong kamay kung naririnig n'yo ako. Heto't ililipat ko lang ito nang mas malapit.

⁶⁰ Ngayon magbabasa tayo ng isang bahagi ng Kasulatan na ito. Gusto kong makinig kayo, kayo po na walang Biblia. Kayo naman na may Biblia, nasa Genesis ito. Una'y, simulan natin sa ika-44 na kabanata, simula sa ika-27 talata.

⁶¹ Heto nga si Joseph, at si Joseph ay ganap na tipo ni Cristo. Alam natin 'yan. Ilan ang nakakaalam n'yan? Kinamuhian ng kanyang mga kapatid. Bakit? Dahil siya'y espirituwal, nakakakita siya kasi ng mga pangitain, nakakapag paliwanag ng mga panaginip. Isa siyang espirituwal na lalaki sa gitna ng kanyang mga kapatid, at kinamumuhian nila siya. At ang kanya namang ama'y iniibig siya.

Ganoon din si Jesus na kinamuhian ng denominasyong mga simbahan, pero iniibig ng Kanyang Amang Diyos. Bakit nila Siya kinamumuhian? Dahil Siya'y espirituwal. Dahil... Sabi nila, sabi pa nga nila isa Siyang manghuhula ng kapalaran, isang diyablo.

⁶² Naaalala n'yo ba kung anong sinabi ng mga kapatid ni Joseph patungkol sa kanya? "Heto't dumarating na ang mapapanaginipin." Kita n'yo? Kita n'yo, parehong situwasyon. At ipinagbili nila si Joseph sa halos pareho mismong halaga na ipinagbili ni Judas si Jesus, tatlungputol na pilak. Itinapon siya sa isang hukay, at umalis na't sinabi sa ama na may kung anong pumatay sa kanya, patay na siya. Pero siya nga'y hinango mula sa hukay. Si Cristo'y itinapon din sa isang hukay, at hinango mula roon. At mula dun nagtungo siya sa pinaka mataas na dako na mayroon kailanman sa lupa. Amen! Si Joseph ay nagtungo sa kanan ng Faraon; at si Jesus ay nagtungo naman sa kanan ng Diyos. Tinukso siya, bago ang pagdadakila sa kanya... Si Jesus, bago Siya madakila, dumaan sa pagtutukso.

⁶³ Hayan nga't, sa palagay ko si Billy Sunday, ang kilalang ebanghelistang, ang nagsabi, "Bawat—bawat punongkahoy ay may isang milyong mga Anghel na nakaantabay, nung araw na 'yun ng pagpapapako, nagsabi, 'Hilain Mo lang ang Iyo pong kamay sa pagkakapako at ituro sa amin. Babaguhin namin ang eksena rito.'" Pero hindi nga Niya puwedeng gawin 'yun.

⁶⁴ Nagsalita si Caifas, "Iniligtas Niya ang sarili; ang iba'y di mailigtas." Wala siyang kamalay-malay na nakapagbibigay na pala siya ng pagpupugay. Kung ililigtas Niya ang Sarili, di Niya maililigtas ang iba. Kaya, ibinigay Niya ang Kanyang Sarili,

para mailigtas ang iba. Kita n'yo, ganoon ngang kabulag sa bagay na 'yun. Ngayon sila . . .

⁶⁵ Tapos nung siya'y madakila na, o bago ang pagdadakila sa kanya, tinukso siya . . . Alalahanin n'yo, si Joseph ay inilagay sa kulungan gayong inosente siya.

⁶⁶ Yung Romano, o, 'yung Israelitang heneral, na nagngangalang Potiphar; si Potiphar ay umalis noon, at nasa isang biyahe. May maganda siyang asawa, at ang asawa niya'y pinapasok noon si Joseph sa bahay para may ipagawa, at binalak ng babae na makagawa si Joseph ng pagkakamali. At yamang si Joseph ay tapat sa Diyos. Sinasabi ko nga sa inyo, palagi nilang . . .

⁶⁷ Kayo na mga kababaihan, sinasaway ko kayo lagi; ngayon kakatig naman ako sa inyo, sandali. Kita n'yo? Ang babae ang marupok na sisidlan. Alam ko na walang magiging masamang lalaki kung wala munang masamang babae. Pero sa mga kalalakihan na batid na 'yan, kalalakihan na batid na kayo'y isang anak na lalaki ng Diyos, at magagawa pa rin na samantalain ang isang babae, mahiya kayo sa sarili n'yo; kahit na ano pa ang gawin ng babaing ito. Ang babae'y isang marupok na sisidlan, at alam n'yo 'yan. Kung labas siya, na ang kilos ay di akma sa pagiging binibini, kunin n'yo siya sa kanyang kamay at makipag-usap sa kanya na parang isang kapatid na babae. Kayo'y anak na lalaki ng Diyos. Huwag n'yo silang gawan ng masamang bagay. Tingnan n'yo si Joseph, siya'y isang ehemplo sa inyo.

⁶⁸ At nung ang asawa ni Potiphar, ang magandang babae na ito, kagalang-galang, kataas-taasan, isa sa tinitingalang babae sa bansa, ay nagpumilit at hinikayat siya. Haya't tumalikod si Joseph, at mangyaring ang asawa ni Potiphar ay nahablot siya't sinubukan na hilahin siya papunta sa kanya. At si Joseph nga'y kumawala hanggang sa maalís ang suot niyang balabal, at tumakbo palayo sa babae. Siyanga, po. At nung dumating na si Potiphar, binalitaan nila ito ng kasinungalingan, na ang kuwento'y si Joseph daw ang pumasok para pagsamantalahan ang asawa nito, at nahatak lang nito ang kanyang . . . at naiwan niya ang kanyang suot na balabal dun. At dahil dun si Joseph ay nailagay sa piitan. Pero, dun sa piitan, ang Diyos nga'y kasama niya, kahit na saan pa nila siya ilagay.

⁶⁹ Siya ay tipo ng Anak ng kasaganahan. Lahat ng gawin ni Joseph ay sumasagana. At sa pagbabalik ni Jesus sa Milenyum, 'yan ang dahilan ng pamumukadkad ng mga disyerto na parang rosas. Lahat ng gawin Niya'y may kasaganahan. Siya'y Anak ng kasaganahan. Saan n'yo man ilagay si Joseph, 'yun nga'y pinagpapala. Saanman naroon si Jesus, 'yun ay pinagpapala. Kaya, ilagay n'yo Siya sa inyong puso't mapagpala.

⁷⁰ Mangyaring nakita natin ngayon, na, si Joseph ay inilagay dun sa bilangguan. At doon sa loob ng bilangguan ay may dalawang lalaki; 'yung isa sa kanila'y napahamak, at 'yung isa nama'y naligtas. Si Jesus, sa pagtutukso sa Kanya sa krus, 'yung isang magnanakaw ay napahamak samantalang 'yung isa'y naligtas.

⁷¹ Noong Siya'y itinaas, nagtungo Siya sa kanan ng Diyos. Noong si Joseph ay itinaas, nagtungo Siya sa kanan ni Faraon, at walang kahit sino ang maaaring makipag-usap sa Faraon ng di muna nakikipag-usap unang-una kay Joseph at hihingi ng permiso.

At noong si Joseph ay lumisan ng palasyo. . . Oh, ang ganda nito! Noong lumisan si Joseph ng palasyo, pinatunog ang mga trumpeta, at may mga lalaki na tumatakbo sa unahan niya, na sinasabi, "Magsiluhod kayo! Parating na si Joseph!" Amen!

At kapag nilisan na ni Jesus ang kanan ng Karangalan sa itaas, tutunog ang mga trumpeta. At bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila ay magpapahayag, "Parating na si Jesus!" Tunay! Pero kung. . .

⁷² At, alalahanin n'yo, nung siya'y tanggihan ng kanyang mga kapatid, anong ginawa niya? Nag-asawa siya ng isang Gentil; nag-asawa siya ng isang taga-Egipto. Nung mahiwalay si Jesus sa Kanyang mga kapatid na naiwan sa dakong 'yun, na mga Judio, Siya'y nag-asawa ng Gentil na Nobya. Pero ngayon, pagkalipas ng mga taon, matapos na maisilang ang mga anak, na sina Efraim at Manases, nagkapamilya na siya.

⁷³ Pagkatapos, isang araw, dumating ang mga kapatid niya para dumalaw sa kanya. Masdan. Alam na natin ang kuwento, kung papaanong inilagay niya 'yung maliit na bagay na 'yun dun, na isinama sa pagbalik nila. At umakto siya na di siya nakapagsasalita ng kanilang lingguwahe; may interpreter, sa Hebreo, gayong siya nama'y Hebreo rin naman. At bumaba ang kapatid nila. Di nila nakilala. Isa na siyang makapangyarihang prinsipal.

At nung, si Cristo'y bumisita sa mga Judio, pinagaling ang mga maysakit nila't mga ganun, at di pa rin nila napagkilala kung Sino Siya, na Mesiyas pala.

Sige't simulan natin sa ika-27 talata ng ika-44 na kabanata.

At sinabi ng iyong lingkod na aming ama sa amin, Inyong talastas na ang aking asawa ay nagkaanak sa akin—ang aking asawa ay nagkaanak sa akin ng dalawang lalake:

At ang isa sa kanila ay umalis sa akin, . . .

Yun na nga si Joseph, siya na mismo 'yung kausap nila.

. . . at aking sinabi, Tunay na siya ay nalapa; at hindi ko siya nakita mula noon:

At kung inyong kunin pa ang isang ito sa akin, at may mangyaring sakuna sa kaniya, ay inyong ibababa ang aking uban sa sheol na may kapanglawan.

⁷⁴ May munting Benjamin sila sa dako roon, ang munti niyang kapatid na lalaki. Alam n'yo ba kung sino ang kinakatawan ni Benjamin? Itong bagong pangkat ng mga totoo, na tunay na mga Judio na nagtitipon na roon ngayon upang mabuo ang sandaan at apatnapu't apat na libong yaon, itong—itong lahing sumibol. Hindi itong mga manggagantso sa Wall Street, hindi, hindi; na kumbaga sa mabababang ranggo ng sundalo'y sila 'yung hinahayaan na malagas sa giyera. Hindi sila mga Judio. Hindi sila mga Judio. Ang tunay na mga Judio ay yaong mumunting mga Benjamin na sumisibol sa dako rito, at hindi pa nakarinig ng Salita ni Jesus Cristo.

Ngayon nga'y pumarito ka sa akin...at ang iyong ama...at aking ama, at ang bata ay hindi namin kasama; sapagka't ang kaniyang buhay ay natatali sa buhay ng batang iyan;

⁷⁵ Ang Mismong Buhay ng Diyos ay nakatali sa Israel. Siya ay kasal dito. Dadako tayo riyan nang ilang minuto, kung loobin ng Panginoon. Kasal Siya sa Israel. Ang Buhay Niya'y tali rito. Kagaya nga ng kung papaanong tali ako kay Gng. Branham na nariyan sa likod, na maybahay ko, at kayo nama'y tali sa inyo ring maybahay. Ang buhay n'yo ay tali rito. At ang Diyos nga'y kasal sa Israel. At ano 'yun? Sabi ni Jacob, "Ang buhay ko'y tali at natatali sa batang ito. Aking..."

At mangyayari nga, na pagka kaniyang nakitang ang bata ay di namin kasama,...

Ipapaiwan kasi ni Joseph ang bata, alam n'yo. Alam natin ang kuwento.

...at na mamamatay siya, ang kanyang tatay: at ibababa sa sheol na may kapanglawan ng iyong mga lingkod ang mga uban ng iyong lingkod na aming ama.

Pakinggan n'yo 'yung panawagan na isinasamo ngayon ni Reuben.

Sapagka't ang iyong lingkod ang siyang nanagot na para ang bata sa iyong...sa aking ama, na nagsasabi, Kung hindi ko dalhin...hindi ko siya dalhin sa iyo, ay papasanin ko nga ang kasalanan sa aking ama magpakailan man.

Ngayon nga, aking isinasamo sa iyo, ay ipahintulot mo na ang iyong lingkod ay maiwan na kahalili ng bata...

Oh, grabe! Kita n'yo, nakatayo na siya mismo sa harap ni Joseph, na kanyang kapatid. Hayan na mismo si Joseph, at di pa rin niya nakilala siya. Oh, hintayin n'yo nga hanggang sa magpasimula ang Milenyum, kapatid!

...ngayon *kahalili ng bata na maging alipin ng aking panginoon*;...

Pakinggan n'yo siya, na ipinapahayag siyang, "panginoon."

...at *iyong ipahintulot na ang bata ay umahong kasama ng kaniyang mga kapatid*.

Sapagka't paanong paroroon ako sa aking ama, at ang bata'y di ko kasama? baka aking makita pa ang sakunang sasapit sa aking ama.

⁷⁶ May pagsusumamo, ibibigay mismo ang sariling buhay! Ang mga Judio nga'y tatayo roon na ang kanilang mga kamay ay nakataas nang paganito! Masdan. Masdan n'yo ngayon ang ika-45, talata... Pakinggan n'yong mabuti, huwag na huwag n'yong palampasin. "Noong si Joseph ay..."

Nang magkagayon si Joseph ay hindi...-pigil sa kanyang—nakapagpigil sa kanyang sarili sa harap nilang lahat na nakatayo kasama niya;...

Kapatid, 'yan na mismo ang sandali na ang pagkakasala ay ibubunsod nang magwakas. Maglalaho ang di pagsampalataya.

...at *sumigaw, at kanyang pinaalis ang lahat ng tao...sa aking harap. At walang taong tumayo na kasama niya, samantalang si Joseph ay napakikilala sa kaniyang mga kapatid*.

⁷⁷ Ano 'yun? Maski sarili niyang asawang babae'y bumalik sa palasyo. Oh, grabe! Ang Nobya nga sa Kaluwalhatian, habang si Jesus ay bumabalik (Dadako tayo ryan.) para ipakilala ang Kanyang Sarili.

At siya'y umiyak ng malakas:...

Sadyang di na nakapagpigil si Joseph, at siya'y napasigaw na mismo.

...at *narinig ng mga Egipcio at narinig ng sangbahayan ni Faraon ito*.

⁷⁸ Hanggang dun sa loob ng palasyo, narinig nila ang sigaw ni Joseph. Ngayon, 'yan nga'y tipo ng pagtatagpo ni Cristo sa mga Judio, na, alam Niyang binulag Niya sila nang sa gayon tayo'y magkaroon ng pagkakataon. Pero sa Kanya ngang pagdako sa kanila muli, ang kasalanan ng Israel ay matatapos.

At sinabi ni Joseph sa kaniyang mga kapatid, Ako'y si Joseph;...

Ano sa palagay n'yo ang sasabihin ni Jesus? "Ako ang inyong Mesiyas. Ako nga Siya na inyong ipinako sa krus."

...*buhay pa ba ang aking ama? At ang kaniyang mga kapatid ay hindi mangakasagot sa kaniya; sapagka't sila'y nagugulumihanan sa kaniyang harap.*

⁷⁹ Oh, kailangan ko munang huminto rito pansumandali. Tayo'y bumuklat muna sa Zacarias sa ika-12 kabanata. Kayo po'y bumuklat kasama ko ngayon sa Aklat ni Zacarias, sa ika-12 kabanata ng Zacarias. At marahil gugugol ako ng medyo maraming oras sa pagsisimula ko na maipangaral ito, pero umaasa ako—umaasa ako na huwag sana. At gusto kong—gusto kong makuha n'yo ito, talaga.

⁸⁰ Zacarias, dumako tayo sa ika-12 kabanata ng Zacarias, at tingnan natin kung anong sasabihin Niya ngayon kapag Siya'y tumayo na sa harap ng Kanyang mga kapatid. Zacarias 12, at sa ika-10. "Wakasan ang pagkakasala," ngayon. Sige, ika-12 kabanata at ika-10 talata.

⁸¹ Pansinin. At ngayon ipinangungusap niya rito ang tungkol sa nalabi; ang pagkubkob sa Jerusalem; ang hayop at ang hukbo na iwinaksi na, at iba pa; lahat ng mga bagay ay dinala na mismo sa katapusan sa panahon na 'yun; ito'y halos patungo na sa Milenyum, halos magsisimula na ang Milenyum.

At aking bubuhusan ang sangbahayan ni David, at ang mga tahanan sa Jerusalem, ng espiritu ng (ano?) biyaya...

Amen! Kamangha-manghang biyaya!

...ang sangbahayan...ang mga nananahan sa Jerusalem, (ang "banal na bayan" ni Daniel), ng espiritu ng biyaya at ng daing: at sila'y magsisitingin sa akin na kanilang pinalagpasan, at kanilang tatangisan siya, na gaya ng pagtangis sa bugtong na anak, at magiging kapanglawan sa kaniya, na parang kapanglawan sa kaniyang panganay.

⁸² Pakinggan n'yo, grabe ngang pagtatangis ang mangyayari dun sa Kanyang pagkakatayo roon, habang ipinakikilala Niya ang Sarili sa kanila, gaya ng ginawa noon ni Joseph! Pakinggan n'yo.

At sa araw na yaon ay magkakaroon ng labis na malaking pagtangis sa Jerusalem, na gaya ng pagtangis kay Adad-...

Di ko lang po mabigkas ang pangalan na ito, A-d-a-d-r-i-m- -o-...

...Adad-rimon sa...Megiddo—Megiddo.

At sa lupain ay magkakaroon ng pagtatangis, bawa't angkan ay bukod; ang angkan ng sangbahayan ni David ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod; at ang angkan ng sangbahayan ni Nathan ay bukod, at ang kanilang mga sangbahayan ay bukod;

Ang...sangbahayan ni Levi...at ang kanilang mga asawa at mga sangbahayan ay bukod;...at ni Simeon at ng kanila ay bukod;

At ang lahat na angkang nalabi, bawa't angkan... at ang kanilang mga asawa ay bukod.

⁸³ Grabe ngang ikahihiya nila ang kanilang sarili, sa pagtayo nila dun at makita na ang mismong Siya na ipinako nila sa krus at tinanggihan, na nakatayo roon, ay ang kanila mismong minamahal na Joseph. Magkakaroon mismo ng ganung napaka tinding pagtatangis! At sasabihin nila, “Saan Mo nakuha ang mga pilat na ‘yan?”

⁸⁴ Sagot Niya, “Sa bahay ng Aking mga kaibigan.” Nakikita n’yo ang ibig kong sabihin? Upang wakasan ang pagkakasala, ng di pagsampalataya, ‘yun ang iparirito Niya.

⁸⁵ At itong ikapitumpung taon ni Daniel, ikapitumpung sanlinggo, ang ibig kong sabihin, wawakasan ang pagkakasala, iwawaksi ito. Nauunawaan n’yo na ba ngayon? Ano ‘yung una? “Upang tapusin ang pagsalangsang.” “Upang wakasan ang pagkakasala.” Bilang tatlo, “Upang linisin ang kasamaan.” Sa inyo po ryan na inililista ito.

Mayroon pa sana akong anim na ibang mga Kasulatan diyan, pero lalaktawan ko na lang, dahil mainit. Ayaw nating gumugol ng masyadong maraming oras. Gusto kong makarami sa abot ng makakaya ko, pero di naman na panatilihin kayo nang matagal. Sige.

⁸⁶ “Upang linisin ang kasamaan.” Ang *kasamaan* ay “paggawa ng mali,” gaya ng ginawa nila noon dun sa krus. Siya nga’y nagbunsod ng paglilinis, pero di ‘yun paiiralin sa kanila. Di ‘yun pinairal sa kanila. Bakit? Dahil binulag sila at di makakita. At bakit sila binulag?

Sasabihin n’yo, “Buweno, marahil, ngayon... dahil ako nga’y bulag din naman.” Kayo’y kusang nagbubulag-bulagan. Bulag sila dahil binulag sila ng Diyos. Pero kayo nga’y bulag dahil sadya kayong nagbubulag-bulagan. Walang paglilinis para sa inyo. “Kung di ninyo sinasampalatayanang Ako Siya,” sabi ni Jesus, “mamamatay kayo sa inyong kasalanan.” Ganoon ‘yun.

⁸⁷ Ngayon muli bumuklat na po tayo sa Zacarias, sa ika-13 kabanata. Ngayon pakinggan natin ito rito. “Linisin.” Ngayon, saan nga... May hinahanap akong isang tao, na mapakinggan niya sana ito—mapakinggan sana ito, pero marahil ang Diyos ang gagawa ng paraan para maiparating ito.

Sa araw na yaon ay...

⁸⁸ “Sa araw na yaon.” May inilagay si Dr. Scofield dito sa mga paliwanag niya sa ibaba ng pahina, o sa mga pamagat niya para sa mga talata, “Ang mga nalabi... ang mga nagsisising nalabi ay nakaturo sa krus.”

⁸⁹ “Upang linisin ang kasamaan.” Ang *kasamaan* ay “isang bagay na nakagawa ka ng mali, na alam mo naman kung ano ang

mas mainam, na dapat di mo ginawa 'yun." "Kung nag-iisip ako ng kasamaan sa aking puso, ang Diyos ay di makikinig sa akin."

⁹⁰ Ngayon, sa Zacarias sa ika-13 kabanata, simulan natin sa una—sa unang talata.

Sa araw na yaon ay mabubuksan ang isang bukal sa sangbahayan ni David at sa mga mananahan sa Jerusalem sa kasalanan at . . . karumihan.

⁹¹ May isang sambahayan na mabubuksan. Sige; babasahin pa natin ito pababa. Gusto kong markahan n'yo muna 'yan para mabasa n'yo. Pero ngayon, minarkahan ko rito simula sa ika-6 na talata at babasahin ito hanggang sa ika-10. Sige, basahin na natin ngayon at tingnan, basahin hanggang sa ika-9, ang ibig kong sabihin pala.

At sasabihin ng isa sa kaniya, na kung saan . . . Ano ang mga sugat na ito sa pagitan ng iyong kamay? Kung magkagayo'y siya'y sasagot, Iyan . . . ang mga natamo ko sa . . . (Sige't tingnan natin.) . . . sasagot, Iyan ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan.

Gumising ka, Oh tabak, laban sa pastor, at laban sa lalake na aking kasama, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: saktan mo ang pastor, at ang mga tupa ay mangangalat: at aking ipipihit ang aking kamay laban sa mga maliit.

⁹² Ngayon, sinipi ni Jesus ang Kasulatan na 'yan. Kita n'yo, "Saktan ang Pastol, at ikalat ang mga tupa." Pero pansinin n'yo ang kasunod na talata. Hanggang dun lang ang binanggit Niya. Pero masdan n'yo nga ang kasunod na pangungusap nun kung anong sinasabi, 'yung kasunod na bahagi nun. "At Aking ipipihit ang Aking kamay laban sa maliliit." Ano? Ang pangkat nga na Benjamin na sumibol mismo sa panahon na 'yun. "Aking ipipihit ang Aking kamay laban sa maliliit."

⁹³ "Saktan ang Pastol." Ang Israel, unang-una, sinaktan ng Israel ang Pastol, nangalat ang mga tupa sa buong lupalop ng mundo. Pero sinabi ng Diyos, "Ipipihit Ko ang Aking kamay, para tipunin ang mumunting iyon sa huling araw." Kailan? Kapag ang paglilinis ng kasamaan ay naganap na.

⁹⁴ Ang Israel ay maliligtas, bawat isa sa kanila. Bumuklat tayo sa Isaias. Sa Isaias, sa ika-66 na kabanata ng Isaias, at basahin lang ito pansumandali. At tingnan natin dito ang sinasabi ng Diyos patungkol sa Israel na maliligtas, kung gaano bang katagal ang gugugulin para iligtas ang Israel. Masdan n'yo kung gaanong kabilis lang ito na darating. Sa Isaias, sa ika-66 na kabanata at ika-8 talata. Kung gusto n'yo pong basahin itong buo, sige lang po.

Sino ang nakarinig ng ganyang bagay? sinong nakakita ng ganyang bagay? Ipanganganak бага ang

*lupain at pinalitaw . . . isang araw . . . sa isang araw? . . .
sapagka't sa pagdaramdam ng Sion, ay nanganak ng
kaniyang mga anak.*

⁹⁵ Pagkakita nga ng Sion na hayun ang kanilang Mesiyas, siya nga'y naipanganak na muli, sa isang araw. "Pinaglinis ang kasalanan, pinaglinis ang kasamaan, karumihan." Oh, grabe! Nagawa nila ang bagay na 'yun na masama, bagay na mali. May paglilinis na ibinunsod para sa kanilang kasamaan.

⁹⁶ Bilang apat. "Upang dalhan ng walang hanggang katuwiran." Yun ang pang-apat na bagay na ipinarito Niya. Ang ikaapat, anong ipinarito Niya para gawin, "Upang—upang dalhan ng walang hanggang katuwiran." "Wakasan ang pagkakasala; paglilinis; at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran." Kapag ang pagsalangsang ng Israel ay nagwakas na . . . Kapag ang pagsalangsang ng Israel . . .

⁹⁷ Ngayon dadako na tayo . . . Gusto kong makuha n'yo ito, dahil kapag inilahad na natin 'yung babae na 'yun, at ang dragon ay itinapon na, babaling kayo pabalik sa siya ring Kasulatan na ito uli. Kaya siguraduhin n'yo na nailista n'yo Ito. Kapag ang pagsalangsang ng Israel ay nagwakas na, si Satanas, na kanilang tagaparatang at ating tagaparatang, si Satanas nga'y sasarhan sa balon ng di-matarok na kalaliman. Kapag ano? Kapag dinala na ang walang hanggang katuwiran, bagay na di maaaring magwakas, na lahat ng nagdulot ng kasamaan ay tatapusin na.

⁹⁸ Sige't kunin lang natin ang Apocalipsis sa ika-20 kabanata at ika-13 talata, pansumandali, at bumasa lamang dito pansumandali. Apocalipsis 20, at sa 13 . . . Di po pala, pasensya na po. Apocalipsis . . . 1 hanggang 3, 'yun pala. Hindi ko lang nakita 'yung maliit na gitling sa gitna. Yung pawis ko kasi'y umaabot na sa mata ko. Apocalipsis sa ika-20 kabanata, at tingnan nga natin.

*At nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa
langit, na may mga susi ng kalaliman at isang malaking
tanikala sa kaniyang kamay.*

*. . . sinungaban niya ang dragon, ang matandang
serpiyente, na siyang diablo, at Satanas, at ginapos na
isang libong taon,*

*At siya'y ibinulid sa kalaliman, at sinarhan, at
tinatakan ito sa ibabaw niya, upang huwag ng magdaya
sa bansa, hanggang sa maganap ang isang libong taon:
pagkatapos nito . . . ay kailangang pawalang kaunting
panahon.*

⁹⁹ Magbunsod ng walang hanggang . . . "Dalhan ng walang hanggang katuwiran," si Satanas ay naparoon sa balon na di-matarok ang kalaliman. At kapag Kanyang ginawa na 'yan, at sinarhan ang diyablo na dumaya sa mga tao.

¹⁰⁰ Ngayon bumaling naman tayo roon sa Habakkuk, sa ika-2 kabanata. Habakkuk, sa ika-2 kabanata. At ngayon makikita natin kung bakit Niya sinarhan ang matandang serpiyente na ito, at kung para saa't ginawa ito, at kung ano ang mangyayari pagkatapos na pagkatapos na siya'y masarhan. Gusto ko ito, kayo rin po ba? Dinadala tayo nito—nito sa isang kaalaman ng ilan. Habakkuk, Habakkuk, sa ika-2 kabanata at sa ika-14 na talata, sa palagay ko'y dito nga, gusto ko itong basahin. Kapag nangyari na ito. . . Masdan.

Sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman at ng kaluwalhatian ng PANGINOON, gaya ng pagtakip ng tubig sa dagat.

¹⁰¹ *Brrrrr!* Grabe! *Whew!* Sa madaling salita, kapag ang kaaway ay naiwaksi na, darating mismo ang katapusan ng kasalanan, ang pagdadala ng walang hanggang katuwiran ay darating, si Satanas ay sararhan sa balon na di-matarok ang kalaliman, at ang kaalaman ng Panginoon ay pupunuin ang lupa gaya ng pagtatakip ng tubig sa dagat. Amen! Luwalhatiin ang Diyos! Parating na ito, kapatid, parating na ito! Ang mga kababaihan ay ipagiging mga binibini, at ang mga kalalakihan ay ipagiging mga ginoo. Amen!

Kapag ang kaalaman ng Panginoon ay sa lupa't dagat at alapaap pupuno;

At, oh, ang puso ko'y humihyaw, sumisigaw para sa araw na 'yun nang matimyas na paglaya,

Kapag ang Jesus nati'y magbabalik darating dito sa lupa muli.

¹⁰² Amen! Buweno. Ngayon, iiral na nga ang Milenyum n'yan. Yan na nga 'yung panahon ng Milenyum, kapag ang Bayan ay itatayo na. Pang-apat. . . May nasa anim pa sana akong mga Kasulatan, pero bilisan na natin. Ngayon, kapag binalikan na lang natin ito, sisipiin ko ang iba pang mga Kasulatan; pero sa ngayon ay para bigyan lang kayo ng pangkalahatang ideya.

¹⁰³ Bilang lima. "Tatakan ang pangitain at ang propesiya." Kita n'yo, ang Anghel na 'yun ay darating upang tatakan ang pangitain at propesiya.

Di ko—di ko sana gustong sabihin ito. Pero, may isang kilalang manunulat, na binabasa ko nung isang araw, anupa't napaglabo-labo niya ito! Binanggit niya "Kung ano raw 'yun. . ."

Ngayon, para ipakita lang kung gaanong kamangmang. . . Oh, pasensya na po, di ko po sinasadya na sabihin 'yun. Patawarin n'yo ako. Hindi ko sinasadya, talagang hindi. Hindi. Isang—isang—isang lalaki na walang pahid, kita n'yo.

Ang sabi nung lalaki, "Nakita n'yo rito na ang mga pangitain at propesiya ay laging pinahihintulot sa iglesyang Judio." At

sabi, “Mula nung panahon ni Daniel, noong dumating si Daniel, ang ibig ngang sabihin nun ay wala nang pangitain at wala nang propesiya pa.” Sabi, “Kaya lahat nitong mga bagay sa panahon ngayon na sinasabi-sabi nila, patungkol sa pagkakaroon ng mga pangitain at propesiya, ay ganap na sa diyablo,” na, “wala na ngang ganito na mga pangitain at propesiya.”

Kapatid, nasa dose-dosena ang mga propeta pagkatapos ni Daniel. At hayan nga si Juan Bautista. Hayan si Jesus Cristo. Hayan ang mga propeta sa buong Bagong Tipan. May mga pangitain mismo. May mga Anghel.

Papaano ngang nakapagbibitiw ng ganyang pananalita ang isang tao? Pero, kung titingnan n’yo, may pansarili kasing motibo na nakalakip dun, na para bang may itinatanim sa mga tao, para ibunsod ’yun na maging munting doktrinang pang-iglesya, o kung anong munting makitid na bagay, na pinagiging realidad sa mga tao. At kung ang mga tao’y walang Espiritu Santo, madadaya sila nun.

¹⁰⁴ Ngayon, huwag nga nating panghawakan ang sinabi lang ng kung sinong tao. Ngayon, wala kasing isang Kasulatan na makakapagpatunay riyon. Kaya paano ko mapanghawakan ’yan? Buweno, sumpungan nga natin kung ano ba talaga itong pagtatatak na ito. Masdan! Dumating nga Siya para gawin ’yan, upang tatakan ang pangitain at ang propesiya.

¹⁰⁵ Ngayon, bumuklat lang tayo pabalik sa Aklat ni Daniel, kung nasaan tayo kanina. Doon sa Aklat ni Daniel, makikita natin kung anong sinabi Nito rito. Ngayon bumuklat po tayo sa Daniel sa ika-12 kabanata. Ngayon, pagdako natin sa Daniel 12, ngayon, puwede nating umpisahan. At basahin mula . . . Sa pag-uwi n’yo mamaya, gusto kong basahin n’yo mula sa unang talata’t pababa. Sige’t basahin lang natin mula sa unang talata, pababa sa ika-4.

At sa panahong yaon si Miguel ay tatayo . . . na dakilang prinsipeng na tatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan: . . .

Ngayon, ito po’y sa pagwawakas na panahon.

. . . at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula nang . . . ang bansa . . .

Yan ’yung kung kailan ang anticristo, ang mangangabayo ng Unang Tatak ay dumaan, nung siya’y maganap.

. . . hanggang sa panahong ito: . . .

Hindi sa panahon nung kubkubin ni Tito ang mga pader ng Jerusalem. Sa isang lugar lang kasi ’yun. Masdan n’yo nga kung kailan ang anticristong ito, na ang prinsipeng na ’yan ay dumating, masdan n’yo ang panahon ng pagdating niya.

...hanggang sa panahong yaon: at sa panahong lupa ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat.

Hallelujah! "Iyong bayan," Israel, "ay nakasulat sa isang aklat."

At marami sa kanila na nangatatutulong sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihuyan at sa walang hanggang kapahamakan.

¹⁰⁶ Paano nga 'yan maipoposisyon na 'yan ay panahon noong kubkubin ni Tito ang mga pader ng Jerusalem? Papaano nga? Hindi puwede. Kita n'yo, ang ipinapangusap niya'y tungkol sa huling kapanahunan, sa pagkabuhay na mag-uli. Tama ba? Ngayon:

At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang lumilihis... mangagbabalik ng marami sa katuwiran... mga bituin magpakailan man...

Pakinggan n'yo! Heto na, ang totoong, tunay na pagtatatak.

Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan:...

¹⁰⁷ Ano 'yun? Oh, hallelujah! Nakikita n'yo na ba, mga mag-aaral? Itong kapahayagan ni Jesus Cristo, at ng Kapangyarihan Niya, at ng Pagparito Niya, ng kawakasan ng panahon, ay selyado hanggang sa panahong 'yun. Yan ang ipinunta Niya para gawin. Ito nga'y itinago mula sa mga iskolar; hindi na nga nakapagtataka, na iginigiit nila na ilagay, "itong pagtatatak," doon, sa "wala nang mga propeta," at kung anu-ano na lipas na raw. Kumbaga sa lalagyan ng tubig ay palyado. Pero ang pangitain, ang pangitain na ito, ay selyado mismo hanggang sa ngayon. At kaya diyan ko inilalagak ang pananampalataya ko, na ihahayag ng Diyos ang pitumpung sanlinggo na ito. Amen! "Tatakan mo ito," sabi Niya, "hanggang sa panahon ng kawakasan. Isara mo ang mga Salita at tatakan ang Aklat hanggang sa panahon ng wakas."

¹⁰⁸ Anong ginawa Niya? Upang selyuhan ang pangitain at ang propesiya! Iprinopesiya ni Daniel ang mga bagay na ito. Nakita niya ito sa isang pangitain, at bumaba ang Anghel para selyuhan ang naturang pangitain, at para selyuhan ang propesiya. Haya't nababasa nila ito, pero di nila maunawaan ito, hanggang sa panahon ng wakas. Ang panahon ng wakas, ano ang panahon ng wakas? Ang wakas ng ikapitumpung sanlinggo, kapag ang prinsipe, ang anticristo, ay malalantad, sa panahon na ito, na ipinapakilala ang sarili na Diyos. Paano natin nalaman na ito'y sinelyuhan hanggang sa panahon na 'yun? Huminto na roon si Daniel; ito ang huling kabanata ng Daniel.

¹⁰⁹ Sinabi sa'kin ni Kapatid na babaing Simpson nitong hapon, sabi niya, "Kapatid na Branham, binasa ko ang buong Aklat ni Daniel. Mas lalo kong—mas lalo kong di mawari ang nilalaman mula nung huminto ako, matapos ko, kaysa sa nung simulan ko pa lang." Heto na ito, Kapatid na babaing Simpson, kung nandito ka ngayong gabi. Sa palagay ko nakita ko siya na nakaupo sa banda ryan. Wala akong binanggit sa kanya dun sa trailer. Di lang ako umimik, dahil naisip ko na marahil dadako rin ako roon.

Mangyari nga, ang pangitain na nakita ni Daniel, doon sa tabi ng ilog, ay selyado, "hanggang sa panahon ng wakas." Ito'y... Hayaan n'yong dakuan ko lang ito't basahin dito. Kita n'yo?

Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng wakas: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.

At akong si Daniel ay tumingin, at, narito, nakatayo ang... dalawa, ... isa'y sa isang dako... ng ilog, at ang isa'y sa kabilang pangpang ng ilog sa dakong yaon.

At ang isa'y nagsalita sa lalaking nabibihisan ng—ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, Hanggang kailan mangyayari ang wakas ng mga kababalaghang ito?

Ngayon pakinggan n'yo.

At aking napakinggan ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan at kailan man na magiging sa isang panahon, panahon, at kalahati ng isang panahon;...

Ngayon, kunin lang natin nang sadyang—sadyang eksakto, "Panahon, panahon, at kalahati ng isang panahon." Ngayon antabayanan n'yo lang kapag dumako na tayo sa pitumpung sanlinggo ni Daniel, kung paano ang pagkakahayag diyan. Diyan nga mahahayag ang hiwaga na ito. Buweno. "Panahon, panahon, at kalahati ng isang panahon."

...at pagka kaniyang... ("kanya," panghalip na panao ngayon, ang anticristo) ...nata-... natapos natapos na mapagputol-putol ang kapangyarihan ng banal na bayan, (doon na niya puputulin ang kanyang tipan sa gitna ng sanlinggo), ang lahat na bagay na ito ay matatapos na. (Amen.)

At aking narinig, nguni't di ko naunawa: nang magkagayo'y sinabi ko, Oh... Panginoon, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito?

At sinabi niya, Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel: sapagka't ang mga salita ay nasarhan at natatakan hanggang sa panahon ng... [Sinasabi ng kongregasyon, "Kawakasan."—Pat.]

Oh, sige't huwag n'yong kalimutan 'yan!

...hanggang sa panahon ng kawakasan.

Marami ang magpapakalinis, at magpapakaputi, at magpapakadalisay; nguni't ang masasama ay gagawa na may kasamaan: at wala sa masasama na makakaunawa; nguni't silang pantas ay mangakakaunawa.

¹¹⁰ Ihahayag ito ng Mensahe ng huling-panahon; sa huling kapanahunan ng iglesya. Luwalhati! Whew! Hayan nga! Oh, grabe! Pinanginginig ako nito, sa pagbubulay pa lang nito, ng hiwaga! Itong mga bagay na ito na nagpapakislot sa mata ng daigdig ng kaiglesyahan para magpakita ng pagkayamot, at sinasabi pa, "Kalokohan lang 'yan." Ang hiwaga kung Sino si Jesus Cristo; na hindi pangatlong Persona, hindi pangalawang Persona, hindi pangatlong Persona, kundi ang *siyang* Persona mismo ng Diyos. Lahat nitong iba pang mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag, dahil nasusulat mismo rito sa Aklat na ito, at ihahayag nga sa huling-panahon na henerasyon. Hindi nga nila ito makikita sa mga seminaryo, at mga paaralan, at mga denominasyon, gaya nga ng kung papaanong di makita-kita ng mga Judio na si Jesus ang Mesiyas. Hindi tuloy nakapagtataka na iniisip nilang baliw kayo. Hindi na nakapagtataka na iniisip nilang mga hangal kayo. Hindi na nakapagtataka na di nila maintindihan kung bakit di kayo kumukurukok kasama nila. Dahil, may Kapangyarihan at pangitain sa likod nito, isang Salita ng Diyos na nahayag mismo, para ilagay ang Iglesya sa kaayusan para sa Pag-agaw at sa pag-uwi sa Tahanan. Oo. "Marami ang tatakbo nang paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago." Tunay.

¹¹¹ Ngayon, ano pa 'yung isang bagay na malalantad? Tingnan n'yo sa panahon ngayon, ang mga kaiglesyahan. Hetong ito. Umaasa ako na di ito makasakit, pero kailangan kong sabihin ito. Pinagiging...

¹¹² Sa araw na 'yun ay lilitaw ang isang anticristo.

¹¹³ Ngayon, alalahanin n'yo, kapag dumako na tayo sa Mga Tatak, ang anticristo na 'yun ay lilitaw na nangangabayo mula sa Mga Tatak na 'yun. Ipinangusap na ito ni Daniel dito, "Ang prinsipeng na darating." Puputulin Siya, si Jesus nga, upang magbunsod ng pagpapanumbalik sa mga tao. Pero, "Ang prinsipeng na ito'y tatayo, na magbubunsod sa kasuklam-

suklam upang mangwasak,” ang Roma ang tinutukoy rian, sa pamamagitan ni Tito. At sa panahon na ito, isang prinsipe ang darating mula sa Roma, ang gagawa nun. At malalantad siya sa huling araw, ngayon pakinggan n’yo, “ipinakilala ang sarili na Diyos,” gaya mismo ng babala sa atin ng Espiritu Santo sa Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, sa ika-2.

Sige’t dumako tayo roon, Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, at nang sa gayon hindi ang salita ko ang panghahawakan n’yo kundi Salita ng Diyos mismo. Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, sa ika-2 kabanata at ika-12 talata. Tingnan natin. Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, sa ika-2 kabanata at ika-12 talata. Tingnan po natin. Umpisahan natin sa itaas pa nun, sa ika-7 talata.

Sapagka’t ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawana:...

(Si Pablo nga ito na nangungusap, sa pamamagitan ng Espiritu Santo.)...

Lamang—lamang ay may pumipigil ngayon, hanggang sa alisin ito.

Sino’yung tinutukoy na “Siya” rito? Mayroon ba rian na nakakaalam? Ang Espiritu Santo, “Siya na pumipigil.”

At kung magkagayo’y (kapag) mahahayag ang Tampalasan,...

Kailan? Sa panahon mismo na ang Espiritu Santo’y alisin, na nakaantabay na mismong umalis ngayon. Para saan itong pag-alis Niya? Isama Niya ang Iglesya. “Mahayag!” Hayan si Pablo na nagsasalita, sa ilalim ng inspirasyon.

...na papatayin ng Panginoon ng hininga ng kaniyang bibig, at sa pamamagitan ng pagkahayag ng kaniyang pagparito ay lilipulin: (ang tampalasan, hayan nga)

Siya, na ang kaniyang pagparito ay ayon sa paggawa ni Satanas na may buong kapangyarihan at mga tanda at mga kahangahang kasinungalingan,

“Kami ang pinaka tanyag na iglesya. Mayroon kami *nito*. Mayroon kami *nito*. Magsama-sama pa kayong lahat,” kita n’yo. “Kami ang pinaka tanyag.” Mapanlinlang na kababalaghan!

At may buong...ng kalikuan sa nangapapahamak; sapagka’t hindi nila tinanggap ang pagibig sa katotohanan, upang sila’y mangaligtas.

At dahil dito ay nagpadala sa kanila ang Dios ng matinding panlilinlang, upang magsipaniwala sila sa kasinungalingan na magsipaniwala sa kasinungalingan:

At upang sila'y...mangahatulan na hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi ay nangalugod sa kalikuan.

¹¹⁴ Nakukuha n'yo ba? Oh, grabe! Ngayon, nangungusap si Pablo. Ang panahon kung kailan ang Tatak ng Diyos ay ihahayag, ang Kanyang Espiritu, Kanyang Pangalan, Kanyang biyaya, lahat ng iba pang mga dakilang hiwaga na ito na inihahayag na ngayon, mga plano para sa Kanyang Iglesya na makaparoon sa Pag-agaw; ang pagbuhos ng Espiritu Santo ang nagbunsod nito. Yan mismo ang ginawa Niya sa huling mga araw.

¹¹⁵ Ngayon, tingnan natin. May oras pa ba tayo para sa panghuling ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang ikaanim po, "Pahiran ang Kataas-taasan." Oh, grabe! Heto na 'yun! Ang huling bagay na gagawin Niya, ay upang ano raw? Ngayon, bumaling lang tayo pabalik sa Daniel, ating alamin kung anong lahat ang gagawin Niya rito mismo. "Pitumpung sanlinggo." Ano nga ba ang kailangang magawa sa panahon na 'yan? Sige.

...ang ipinasiya sa iyong mga tao at...iyong banal na bayan, upang tapusin ang mga pagsalangsang (mga pagsalangsang ng mga tao), ...upang wakasan ang pagkakasala (para sa mga tao), at upang papaging linisin sa kanilang kasamaan, at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran (para sa mga Judio), at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula (hanggang sa panahon ng wakas), at upang pahiran ang Kabanalbanalan.

Yan ang anim na luping dahilan ng Kanyang pagparito.

¹¹⁶ Ngayon, "upang pahiran ang Kabanal-banalan." Ngayon, marahil medyo kakaiba ito sa susunod na ilang sandali, sa marami sa inyo na mga tagapagturo, pero antabayanan lamang n'yo pansumandali, para makita kung paano ito ihahayag.

¹¹⁷ Ito'y pagpapahid, na hindi sa isang tao. Si Jesus ay pinahiran na. Tama ba? Binanggit ng Aklat ng Mga Gawa na pinahiran ng Diyos si Jesus ng Espiritu Santo; humayo Siya na gumagawa ng mabuti, at pinagagaling ang mga maysakit, at kung ano pa. Si Jesus, nga'y, pinahiran na. Siya ang Mesiyas. At ang ibig sabihin ng *Mesiyas* ay "ang Isa na pinahiran." Tama po ba? Pero dito sa huling panahon, papahiran Niya ang Kabanal-banalan.

¹¹⁸ Ano ang "Kabalal-banalan"? Sa paraan ng pagsilip ko rito, na naniniwala akong mapapatunayan ko sa pamamagitan ng Kasulatan, ang papahiran na "Kabalal-banalan," ay ang Tabernakulo na gagamitin sa panahon ng Milenyum. Ngayon pakinggan n'yo, tingnan n'yo kung bakit nakuha ko ito. Inilarawan nga sa Ezekiel, sa—sa ika-4 na kabanata, na...Di po pala, ang ibig kong sabihin ay ika-43 kabanata, una at ika-6

na talata. Sige't bumaling tayo sa Ezekiel at tingnan natin kung paano niya inilarawan ang Milenyum, kung papaanong kanilang papahiran ang... Ezekiel 43, at magbasa lang tayo ng kaunti rito ngayon at alamin kung anong gagawin Niya sa Milenyum na ito, na pagpapahid. Sa Ezekiel 43, buveno, at sige't simulan natin sa una, hanggang ika-6 na talata. Puwede n'yong basahin ang buong ito pagkatapos na makauwi kayo, siyanga, kayo na inililista ito, Ezekiel 43. "Pagkatapos..."

¹¹⁹ Ngayon, masdan, ang paglalarawan sa Templo na itatayo sa Milenyum. Ngayon, sinuman, sa mga nagbabasa'y alam nila ito, na mula sa Ezekiel sa ika-40 kabanata, hanggang sa bandang ika-44 na kabanata, ay wala nang iba't ang Milenyum na Templo mismo na itatayo sa lupa, (sinuman ay nalalaman 'yan, kita n'yo), kapag pinuno na ito ng kaluwalhatian ng Panginoon, at kagaya nga nun. Ngayon ating... ilalarawan ang Templo sa ika-43 kabanata, at sa una hanggang ika-6 na talata.

Pagkatapos ay dinala niya ako sa pintuang-daan, sa makatuwid baga'y sa pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan:

At, narito, ang kaluwalhatian ng... Dios ng Israel ay nanggagaling sa dakong silanganan: at ang tinig ay gaya ng tinig ng maraming tubig: at ang lupa ay nagningning sa kaluwalhatian.

At ayon sa anyo ng pangitain na aking nakita, ayon sa pangitain na nakita ko nang ako'y pumaroon upang gibain ang bayan: at ang pangitain ay gaya sa pangitain na aking nakita sa tabi ng ilog Chebar; at ako'y nasubasob.

At ang kaluwalhatian ng PANGINOON—ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay pumasok sa bahay sa daan ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan.

At itinaas ako ng Espiritu, at dinala ako sa lalong loob na looban; at, narito, napuno ng kaluwalhatian ng PANGINOON ang bahay.

At aking narinig ang isang nagsalita sa akin mula sa bahay; at isang lalake ay tumayo sa siping ko.

¹²⁰ Pagpapahid, pagpapahid ng Templong 'yun para sa Milenyum na paghahari. Ngayon tandaan sa Levitico. Ngayon masdan n'yo kung papaanong inihandog ito sa Levitico. Ngayon, kung babalik tayo sa Levitico, makikita natin dun na pinahiran ni Moises ang templo. Sige't balikan nga natin habang nandiyan na tayo. May oras pa naman tayo. At sige't bumaling tayo sa Levitico at alamin kung kailan pinahiran ni Moises ang templo, sa Levitico sa ika-8 kabanata.

¹²¹ Oh, gustung-gusto ko ngang pinaghahambing itong mga Kasulatan sa mga Kasulatan. Hindi ba't kayo rin ay gustung-gusto n'yo? At pagkatapos kayo'y—kayo'y makakakuha mismo ng—ng—ng kaisipan kung ano—kung ano itong hinahanap natin at kung ano itong ginagawa natin. Ngayon, talos ng sinuman na gumagamit lamang tayo ng Kasulatan ngayon at kanina, para rito.

¹²² Ngayon, sa ika-8 kabanata ng Levitico, at minarkahan ko 'yun dito, sa ika-10 talata. Sige't Levitico 8:10. Tingnan natin.

At kinuha ni Moises ang langis na pang-pahid, at nagbuhos ng langis na pang-pahid, at pinahiran ang tabernakulo at ang lahat ng nandoon, at pinapaging banal.

At...winisikan niyaon ang ibabaw ng dambana na makapito, ...pinahiran ng langis ang dambana at ang lahat ng kasangkapan niyaon, at ang hugasan at ang tungtungan niyaon, upang ang...upang ariing banal.

At binuhusan...ng langis na pang-pahid ang ulo ni Aaron, at pinahiran niya ng langis siya, upang papagbanalin.

¹²³ Hayan si Moises, sa ilang, na pinapaging banal, o pinapahiran ang tabernakulo ng pagsamba, para sa mga anak ni Israel nung sila'y naroon noon sa kanilang paglalakbay. Pinahiran 'yun.

¹²⁴ Ngayon, sa Ikalawang Mga Cronica, bumuklat kayo, at makikita n'yo roon ang paghahandog noong ang Espiritu Santo ay dumako mismo roon sa Kanyang dako sa may tabernakulo, at masdan n'yo nga kung anong nangyari roon. Sa Ikalawang Mga Cronica sa ika-5 kabanata, at simulan natin sa ika-13 talata. Ikalawang Mga Cronica sa ika-5 kabanata, at simulan sa ika-13 talata.

At nangyari...nga, nang ang mga pakakak at ang mga mangaawit ay...upang mangagpatunog ng isang tunog na maririnig... sa pagdalangin at pasasalamat sa PANGINOON; at nang kanilang itaas ang kanilang mga tinig na katugma ng pakakak at ng mga simbalo at ng mga panugtog ng tugtugin, at nagsisipuri sa PANGINOON, na nagsisipag-awit, Sapagka't siya'y mabuti; at ang kaniyang mga kaawaan ay magpakailan man: na nang magkagayo'y ang bahay ay napuno ng ulap, sa makatuwid baga'y ang bahay ng PANGINOON;

Na anopa't ang mga saserdote ay nagsitayo... ang mga saserdote ay hindi mangakatayo na mangakapangasiwa dahil sa ulap: sapagka't napuno ng kaluwalhatian ng PANGINOON ang bahay ng Dios.

¹²⁵ Pumaroon ang Diyos sa santuwaryo na papahiran, at ibinigay ang pamamahala sa Kanya nang sa gayon ang mga tao'y magsipunta para sumamba. Kaya, upang pahiran, hindi sinabing "iyong banal" na dako, kundi pahiran ang "Kabanal-banalan" na dako. At nakita natin, na, ang Bagong Jerusalem ay ang "Kabanal-banalan" na dako. At ang pagpapahid ay sa Bagong Jerusalem na bumaba mula sa Diyos mula sa Langit, inihanda bilang isang nobya na nagagayakan para sa kanyang asawang lalaki. Ang pahid ay sa kanila.

¹²⁶ Ngayon, noong ihandog ni Zerubabel ang kanyang templo, matapos na ito'y maitayong muli, hindi na 'yun pinahiran muli, dahil pinahiran na 'yun; at nawasak, at tinagubilinan lamang na itayo uli. Ang pagkawasak na sumapit dun. Tinagubilinan lamang uli at itinayo, kaya wala nang pagpapahid pa na kailangan. Sa pagpapahid dito ng isang beses, umiral na 'yun nang tuluy-tuloy, at tuluy-tuloy mismo ang bisa nun hanggang sa panahong ito. Pero nung itayo nga ng Diyos ang Milenyum na Tabernakulo, papahiran Niya ang Kabanal-banalan; hindi ang "iyong banal," kundi "ang Kabanal-banalan."

¹²⁷ Pero kapag umupo na ang Hari sa Kanyang Luklukan nang isang libong taon, (Maluwalhati!) 'yun na ang huli ngayon. Ang pagpapahid sa Kabanal-banalan ang pinaka huling bagay na mangyayari. Kapag naitayo na ang Tabernakulo; ang pagkabuhay na mag-uli'y naganap na; nakabalik na ang mga Judio; dumating na si Cristo at Kanyang Nobya; ang Judio, ang sandaan at apatnapu't apat na libo'y natatakan na; ang Milenyum ay umiiral na. Magkakaroon ng pagpapahid kapag ang Kabanal-banalang dako'y napahiran; ang banal, ang Kabanal-banalan, at ang dakong Kabanalan. Hayan nga, na ang dakong Kabanal-banalan ay ang santuwaryo kung saan nananahan ang Diyos, sa pagitan ng mga Kerubin. At, sa panahon na ito, si Cristo'y lalagi sa dakong Kabanal-banalan, na ang pahid ay nasa Kanya. At di nila kakailanganin ng araw sa lugar na 'yun, dahil ang Cordero na naroon sa gitna ng Bayan ang magiging Liwanag. Hindi lulubog ang araw sa Bayan na 'yun, gaya nga ng laging sinasabi noon ni tandang Tiyo Jim. At hinding-hindi nga kailanman, dahil si Cristo ang magiging Liwanag na 'yun, ang Isa na pinahiran. At darating ang Hari at uupo sa Kanyang Luklukan nang isang libong taon, para maghari.

¹²⁸ Jeremias 3:12-18, lahat ng nakapaloob, basahin natin. Dun sa Jeremias sa ika-18 kabanata, sa tingin ko. Oo. Di po pala, sa ika-12 kabanata pala, pasensya na po, sa ika-12 kabanata ni Jeremias, at sige't simulan lang natin sa—sa... Jeremias 3 po pala, pasensya na po. Jeremias 3, nailista ko—nailista ko 'yun dito, kung saan, habang pinag-aaralan ito, pinadadako ako ng Espiritu Santo mula sa isang dako patungo sa ibang dako, haya't akin lang inilista ang mga ito sa abot ng mainam kong

makakaya. Jeremias 3, at pagkatapos sa 12 hanggang 18, lahat ng nakapaloob. Sige't basahin na natin.

Ikaw ay yumaon, at itanyag mo ang mga salitang ito sa dakong hilagaan, at iyong sabihin, Ikaw ay manumbalik, ikaw na tumatalikod na Israel, sabi ng PANGINOON; hindi ako—ako titinging... titinging may galit ako sa inyo: sapagka't ako'y maawain, sabi ng PANGINOON, at hindi ako magiingat ng galit magpakailan man.

Kilalanin mo lamang ang iyong kasamaan, na ikaw ay sumalansang sa PANGINOON mong Dios, at iyong ikinalat ang iyong mga kaugalian sa taga ibang lupa sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy...

Ganoon ang ginawa nila, mula silangan, kanluran, bawat bansa. Kita n'yo?

...at kayo'y hindi nagsisunod sa tinig, aking tinig, sabi ng PANGINOON.

“Manumbalik!” Pakinggan n'yo ito.

Kayo'y manumbalik, Oh tumalikod na mga anak, sabi ng PANGINOON; sapagka't ako'y (a-s-a- -a) ... ako'y asawa ninyo: ...

“Binulag ang kanilang mga mata, dahil binigyan Ko ang mga Gentil ng pagkakataon. Pero, kayo'y magsipanumbalik, dahil ako'y asawa ninyo.”

...at kukuha ako sa inyo ng isa sa isang bayan, at dalawa sa isang angkan, ...

Hindi lahat ng nag-aangkin na Judio sila'y makakapasok. Haya't ang hinirang na pangkat lamang ang makakapasok, ang munting Benjamin na humarap dun kay Joseph, ang pangkat na 'yun mula sa bawat bansa, isang nagbuhat sa isang bayan, at buhat sa isang angkan.

...at dadalhin ko kayo sa Sion:

At bibigyan ko kayo ng pastor ayon sa inyong kalooban, na kakandili sa inyo ng kaalaman at unaw.

At mangyayari, pagka kayo'y dumami at lumago sa lupain, sa mga araw na yaon, sabi ng PANGINOON, hindi na nila sasabihin, Ang—ang kaban ng tipan ng PANGINOON: ni mapapasaisip nila yaon: ni aalalahanin nila yaon; ni nanaisin nila—nila yaon; ni mayayari pa man ito.

Sa panahong yaon ay tatawagin nila ang Jerusalem na luklukan ng PANGINOON; (dahil paroroon Siya, kita n'yo), at lahat ng bansa ay mapipisan (hallelujah) doon, at sa pangalan ng PANGINOON, sa Jerusalem: hindi na rin lalakad pa man sila ng ayon sa kanilang sariling mga katigasan sa masama nilang kalooban.

¹²⁹ Sa panahon ngang 'yan papahiran ang Bayan. Sa panahon na 'yan papahiran ang Bagong Jerusalem. At lahat ng mga bansa ng Bayan... Doon sa Apocalipsis sa ika-22 kabanata, ang sabi nga roo'y ang mga pintuang-bayan ay di magsasara sa gabi, dahil hindi na magkakaron ng gabi roon. At lahat ng mga hari ng lupa ay magdadala ng kanilang pagpaparantal at pagluluwalhati sa loob ng Bayan na ito. Ang mga pader nito ay jaspe at sardio na bato, labindalawang uri ng mga bato; at ang labindalawang pintuang-bayan ay isang lantay na perlas, isa sa bawat pintuan. Hindi na kakailanganin ang ilawan sa dakong 'yun. Wala ring araw, dahil ang Cordero na naroon sa gitna ng Bayan ang magiging Liwanag. At pangungunahan Niya ang Kanyang mga tao patungo sa walang hanggang Buhay. May dalawang punongkahoy na nakatayo roon, isa sa magkabilang panig ng ilog, at ang mga ito'y para sa pagpapagaling ng bansa. Yun nga ang Isang pinahiran na darating, ang Banal na Bayan na bababa mula sa Diyos buhat sa Langit, bumababa sa lupa.

¹³⁰ Talakayin naman natin kung ano mismong mangyayari sa panahon na 'yun. Oh, gustung-gusto n'yo ba ito? Bumuklat tayo sa Isaias 65, pansumandali. Sayang po ito kung lalaktawan. Sayang kung palalagpasin. Medyo mainit, pero tugaygayin lang natin ito.

¹³¹ Isaias 65, pakinggan n'yo kung anong mangyayari sa panahon na 'yan. At tanungin n'yo ang sarili n'yo, makasalan na kaibigan, kung maaatim n'yo—kung maaatim n'yo na palagpasin lang ito. Isaias 65, simulan natin sa bandang ika-17 talata. Pakinggan po, ng lahat, nang maigi ngayon. Ito'y sa panahon ng Milenyum, ang panahon na ang Kabanal-banalan ay pinahiran.

Sapagka't, narito, ako'y lumilikha ng mga bagong langit at... bagong lupa: at ang mga dating bagay ay hindi maaalaala, o mapapasa isip man.

Nguni't... mangatuwa at mangagalak... maging sa aking nilikha: sapagka't, narito, aking nililikha ang Jerusalem... aking nililikha ang Jerusalem, (ang bagong Jerusalem nga ito), na kaligayahan, at kaligayahan ang kaniyang bayan.

Ano yaong pahid? Ang kagalakan ng Panginoon.

...nililikha na kaligayahan ang Jerusalem, at kaligayahan ang kanyang bayan. At ako'y magagalak sa Jerusalem,...

Ang Hari sa Luklukan, na nasa maharlikang karangalan ng Luklukan, ang Walang Hanggang Luklukan, at ang Walang Hanggang mga taong kamit ang Walang Hanggang kaligayahan sa isang Walang Hanggang Bayan! Oh, ang ganda!

At ako'y magagalak sa Jerusalem, at maliligaya sa aking bayan: at ang tinig ng iyak ay hindi na maririnig pa sa kaniya, o ang tinig man ng daing.

Hindi na magkakaroon mula ngayon...ng sanggol na mamamatay, o ng matanda man na hindi nalubos ang kaniyang mga kaarawan: sapagka't ang bata ay mamamatay na may isang daang taong gulang; at ang makasalanang na may isang daang taon ang gulang ay susumpain.

At sila'y mangagtatayo ng mga bahay, at ang mga yao'y kanilang tatahanan;...sila'y mangaguubasan, at magsisikain sila ng bunga niyaon.

Sila'y hindi magtatayo, at iba ang tatahan; (ang tinutukoy nga ryan, mamamatay ka at ang anak mong lalaki ang hahalili sa iyo) ...magtatayo, at iba ang tatahan; sila'y hindi magtatanim, at iba ang kakain niyaon: sapagka't kung paano ang mga kaarawan ng punong kahoy ay magiging gayon ang mga kaarawan ng aking bayan, at ang aking mga pinili ay mangagagalak na malaon sa mga gawa ng kanilang mga kamay.

Sila'y hindi gagawa ng walang kabuluhan, o manganganak man para sa kasakunaan; sapagka't sila ang lahi ng mga pinagpala ng PANGINOON, at ang kanilang mga anak na kasama nila.

At mangyayari,...bago sila magsitawag, sasagot ako;...(Ang maluwalhating pahid nga 'yun, sa likod ng Kerubin!) ...sasagot ako; at samantalang sila'y nangagsasalita, aking didinggin.

Ang lobo at ang kordero ay manginginaing magkasama,...ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka: ang alabok ang magiging pagkain ng ahas. At sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa aking buong banal na bundok, sabi ng PANGINOON. (Maaatim n'yo bang hindi makasama rito? Hindi!)

¹³² Dagli tayong bumaling pabalik dito, at si Isaias ay may sinasalita rito muli, sa ika-11 kabanata, sa una hanggang ika-9. Pakinggan n'yo kung anong sinasabi niya rito muli, noong magkaroon siya ng isang pangitain, matapos na makita niya ang mga kababaihan, kung papaano sila kikilos sa huling mga araw. Ni-...Buweno, Isaias 11, sa 1.

At may lalabas na usbong sa puno ni Isai,...isang Sanga na mula sa kaniyang mga ugat ay magbubunga: (Sino ito? Si Cristo)...mula sa kanyang mga ugat:

At ang Espiritu ng PANGINOON ay sasa kaniya, ang diwa ng karunungan, ng kaunawaan, ang diwa ng payo...

katibayan, ang diwa ng kaalaman at...ng takot sa PANGINOON;

At ang kaniyang kaluguran ay magiging sa pagkatakot sa PANGINOON: at hindi siya hahatol ng ayon sa paningin ng kaniyang mga mata, ni...ng ayon sa pakinig ng kaniyang mga tainga:

Kundi hahatol siya ng katuwiran sa dukha, at sasaway sa kanilang kasamaan dahil sa mga maamo sa lupa: at sasaktan niya ang lupa ng pamalo ng kaniyang bibig, at ng hinga ng kaniyang mga labi ay kaniyang papatayin ang masama.

At katuwiran ang magiging bigkis ng kaniyang baywang, at pagtatapat ang pamigkis ng kaniyang mga balakang.

At ang lobo ay tatahang kasama ng kordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping ng batang kambing (kambing po); at ang guya at ang batang leon at ang patabain...o guya, o ang leon at ang patabain na magkakasama; at papatnubayan sila ng munting bata.

...ang baka at ang oso ay manginginain;...ang kanilang mga anak (at) ay mahihigang magkakasiping: at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng isang baka.

At ang batang pasusuhin ay maglalaro sa lungga ng ahas, at isusuot ng batang kahihwalay sa suso ang kaniyang kamay sa lungga ng ulupong.

Hindi sila magsisipanakit o magsisipanira man sa aking buong banal na mga bundok: sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman...gaya ng tubig na tumatakip sa dagat.

Hum! Yan nga'y sa Bagong Jerusalem. Sa "bago" na 'yun. Itong Sanga, dito, ay tumutukoy sa, sa Sanga ni David. "Siya ay kapwa Sanga at Supling."

¹³³ Ngayon, pagkatapos nito, nagpakita ang Nobya. Matapos ang pitumpung sanlinggo, nagpakita ang Nobya sa Apocalipsis sa ika-19 na kabanata, sa una at ika-16 na talata. Dumating Siya kasama ang Kanyang Nobyo, ang makapangyarihang Hari. Oh, grabe! Di ko lang alam kung matatalakay nating lahat ito o hindi. Talagang...

Buweno, basahin na lang natin ang bahaging ito rito, kung ganoon. Dito sa puntong ito darating ang Nobya, pagkatapos nito. Kita n'yo? Matapos na umiral ang Milenyum, saka babalik si Cristo kasama ang Nobya. Tama, 1 hanggang 16, at sa ika-19 na kabanata.

Pagkatapos ng mga bagay na ito...

Pagkatapos nitong Kapighatiang ito; pagkatapos ng mga Pagkaaba; pagkatapos ng mga Tatak; pagkatapos ng mga Salot; pagkatapos na itapon si Satanas; pagkatapos na pasimulan ang Milenyum. Masdan!

...pagkatapos ng mga bagay na ito ay narinig ko ang gaya ng isang...tinig ng isang makapal na karamihan sa langit, na nagsasabi, Aleluya; Kaligtasan, at kaluwalhatian, ...karangalan, ...kapangyarihan, ay nauukol sa Panginoon nating Dios:

Sapagka't tunay at matuwid ang iyong paghatol: sapagka't hinatulan niya ang bantog na patutot, na siyang nagpasama sa lupa ng kaniyang mga pakikiapid, at iginanti niya ang dugo ng kaniyang mga alipin laban sa babae.

At siya'y muling...sila'y...At sila'y muling nangagsabi, Aleluya. At ang usok niya ay napailanglang magpakailan kailan man.

Iyon nga ang matandang iglesyang patotot, “ang usok niya ay pumapailanlang.”

At nangagpatirapa ang dalawangpu't apat na matatanda at ang apat na nilalang na buhay at nangagsisamba sa Dios na nakaupo sa luklukan, na nangagsasabi, Siya nawa; Hallelujah.

At lumabas ang tinig sa luklukan, na nagsasabi, Purihin ninyo ang ating Dios—Purihin ninyo ang ating Dios, ninyong lahat na mga lingkod niya, ninyong lahat na mga natatakot sa kaniya, maliliit at malalaki.

At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan, ...

Pakinggan n'yo! Heto kayo, Iglesya. Matapos na pumaitaas Siya sa ika-3 kabanata, heto na Siyang dumarating. Kita n'yo? At ngayon sa ika-6 na talata.

At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malalakas na pagkulog, na nagsasabi, Aleluya: sapagka't naghahari ang Panginoon nating Dios na makapangyarihan sa lahat.

Hallelujah! Masdan n'yo! Parating na ang pagkakasal ng Cordero ngayon. Heto na ang Nobyang paparating.

Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin: sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na. (Heto na nga ang Nobyang paparating, kapwa, ang Nobya at Nobyo.)

At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay: sapagka't ang mahalagang lino ay...mga matuwid na gawa ng mga banal.

At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y...tunay na mga salita ng Dios.

At ako'y nagpatirapa sa kaniyang paanan upang siya'y aking sambahin. At sinasabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa mo alipin,...iyong mga kapatid at mayroong...iyong mga kapatid at mayroong patotoo ni Jesus: sumamba ka sa Dios: sapagka't ang patotoo (ni Cristo) ni Jesus ay siyang espiritu ng hula.

At nakita kong bukas ang langit, at...ang isang kabayong maputi;... (oh grabe!)...at yaong nakaupo roon...ay tinatawag na Tapat at Totoo, at...katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka.

At ang kaniyang mga mata ay mga ningas ng apoy, at...kaniyang ulo ay maraming putong;...

Pinutungan Siya bilang ano? "Hari ng mga hari."

...at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaalam, kundi...siya rin.

At siya'y nararamtan ng puting damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Dios.

"Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao't nanahan kasama natin." Sino Ito? Si Jesus.

...at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Dios.

At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong, maputi at dalisay. (Maluwalhati! Heto na Siya.)

At sa kaniyang bibig ay lumalabas doon ang isang tabak na matalas, upang...at upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang bansa: at...paghaharian ng tungkod na bakal: at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.

At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, HARI NG HARI, AT PANGINOON NG PANGINOON.

¹³⁴ Ano ito? Pinutungan na Siya ng Kanyang mga hiram bilang Hari ng hari, at Panginoon ng mga panginoon. Bumabalik sa Kanyang banal na Templo, pinahiran sa Presensya ng Diyos, upang manahan at maghari sa buong Milenyum kasama ang Kanyang Iglesya. Amen! Hayan ang pagpapakita, kasama ang makapangyarihang Hari, na pupuwesto ang Nobya sa Kanyang tabi, ang bagong maharlikang pinahirang Templo.

¹³⁵ Ngayon ang anim na luping layunin ng Apocalipsis 6:1 hanggang Apocalipsis 19:21 ay natupad.

¹³⁶ Pakinggan ngayon, sa pagtatapos. Ang Pitong Tatak, Pitong Pakakak, Pitong Mangkok, Pitong Pagkaaba, ang babae na nadaramtan ng araw, ang pagpapatapon sa diyablo, o sa pulang dragon, ay darating sa pagitan ng mga panahong ito habang panahon ng malaking Kapighatian. Huwag n'yong kakalimutan ito. Lahat ng mga bagay na ito ay mangyayari sa panahon na 'yan.

Pero heto ang anim na luping layunin ng Kanyang Pagparito. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? Napaka maluwalhating panahon ang nakalaan mismo sa mga umiibig sa Panginoon! Sinasabi ko nga sa inyo, kaibigan, hindi natin maaatim na di makasama diyan. Huwag n'yong mapalampas na di kayo makasama diyan, sa anumang bagay na gawin n'yo. Magpakatiyak kayo!

¹³⁷ Ngayon, sa susunod na Linggo, kung loobin ng Panginoon, gusto kong ipresenta, kung tutulungan Niya ako, na ipakita kung saan ba saktong nakapuwesto ang isa sa pitong araw na 'yan, kung saan sila naganap, dadalhin ang siya ring—siya ring bagay na ito na iprinesenta ko ngayon, at ipuwesto ang pitong panahon na 'yan, pitong sanlinggo, pitumpung sanlinggo sa mismong kinalalagyan nito patungkol sa santuwaryong 'yun ng mga Judio, at ipakita sa inyo kung saan na tayo eksaktong nabubuhay rito sa huli, loobin ng Panginoon.

¹³⁸ Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Maaatim n'yo ba na di makasama sa Langit? ["Hindi."] Narito na tayo sa huling panahon!

Ano ang ipinarito Niya para gawin? Ang unang bagay na magaganap, bago mismo dumating si Jesus sa lupa, ano ba ang unang-unang bagay? Ang Iglesya ay (ano nga?) aagawin! Si Jesus ba'y paparito sa lupa at maglalakad-lakad sa libingan, at makikipag-kamay kina tatay at nanay, makikipag-usap sa ating lahat dito, at papaitaas? Hindi!

Papaano nga ang mangyayari? Ang... Sinasabi natin ito sa inyo, sa pamamagitan ng—sa pamamagitan ng Salita mismo ng Panginoon, "Na tayong nabubuhay at natitira..." Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, ika-5 kabanata, "Na tayong nabubuhay at natitira hanggang sa Pagdating ng Panginoon, ay hindi hahadlang o mauuna sa mga natutulog. Sapagkat tutunog ang

pakakak ng Diyos; ang mga namatay kay Cristo ay babangong una: at tayong nabubuhay na natitira ay aagawing kasama nila upang katagpuin ang Panginoon sa alapaap.” Aagawin tayo sa isang iglap, sa isang kisap-mata. Sa oras na ’yan, ang Kapanahunan ng Iglesya ay tapos na.

¹³⁹ Pagkatapos, dito naman sa baba sa lupa ang Diyos ay mag-uumpisa nang makipag-ugnay sa mga Judio. Magkakaroon ng dalawang propeta. Sa ika-11 kabanata, matatalakay natin ’yan. Dalawang pinahirang propeta, na kagaya nina Elias at Moises, sila nga sa tingin ko. At magbubunsod sila ng matinding mga sumpa, pagkatapos nilang makita sila na nagkaisa, at ang Roma’y hindi na sinunod ang tipan nito, ang prinsipeng ’yun.

Sa gitna ng pitumpung sanlinggo, babaliin ang tipan nito sa Roma, o babaliin ng Roma ang tipan nito sa Israel, at ’yun ay magbubunsod sa kasuklam-suklam na magsimulang kumalat. At magkakaroon ng malaking pagbugso, sa panahon na ang nalabi sa mga Gentil, ang natutulog na birhen. . . Ang dragon, ang Roma, ay magbuga ng tubig mula sa kanyang bibig, upang makipagdigma sa nalalabi ng binhi ng babae na mga tumutupad sa mga utos ng Diyos. Yan ang gagawin ng Roma.

¹⁴⁰ Isang kompederasyon ng iglesya ang magbubunsod na sila’y magkaisa, at dadalhin ang mga Judio sa kompederasyon na ito, at ipanunumbalik sila sa sarili nilang templo para makasamba uli, sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON mula sa Biblia, at sila’y magkakaroon ng sariling simbahan.

¹⁴¹ Sila nga’y ano na ngayon? Kahahagip ko lang nito ngayon-ngayon lang. Bago pa lang. Sila’y isang bansa na ngayon, na kinikilala. Tama po ba? Pero wala pa silang pagsasamba sa templo. At kapag itinatag na nila ang pagsamba sa templo, aalis na ang Iglesya. Ang Diyos ay makikipag-ugnay na sa mga Judio bilang isang bansa. At pagkatapos kapag dinala sila sa kompederasyon na ito, lalabagin ito ng Roma sa gitna ng ikapitumpung taon, tatlo at kalahating taon, babali ito sa tipan nito sa kanila, at ibubunsod ang kasuklam-suklam na nangwawasak para kumalat mismo hanggang sa kawakasan. Pagkatapos tutugisin niya ang kapwa Protestante, at Judio, at uusigin sila. Sa panahon na ’yan, ang dalawang propeta ay tatayo’t susumpain ang lupa, na di ito uulanin sa mga araw na ’yun ng kanilang pagpropesiya. At tatawag sila ng Apoy mula sa Langit, at lahat. Hintayin n’yo lang. Napakaraming nakalatag para sa atin na nakalatag dito, naghihintay lang sa atin, na malaman.

¹⁴² Oh, grabeng dakilang Diyos nga Siya! Grabeng mahabagin na Ama! Mga kaibigan, hayaan n’yong sabihin ko ito sa inyo, bilang inyong pastor. Hindi n’yo marahil napagtatanto ang mga pribilehiyong ito na kinabubuhayan n’yo. Hindi n’yo lang napagtatanto. Napakaraming dakilang mga tao, napakaraming

mga banal, libo-libong mga banal na mga tao ang namatay sa mga taon na nagdaan, mga taong puspos-ng-Espiritu na gustung-gustong makita ang araw na ito na kinabubuhayan n'yo. Kaya kayo at ako'y samantalahin na natin ito.

¹⁴³ Ano pa bang kailangan nating hintayin? Ano ng gagawin natin pagkatapos nito? Saan tayo tutungo? Anong mangyayari? May lugar nga tayo na dapat puntahan. Di tayo puwedeng manatili na lang dito nang buong panahon. Marahil tatabasin n'yo ang damo sa inyo; sa susunod na sanlinggo kailangan na uling tabasin; siyanga, dalawang beses, bago uli. Magagawa n'yong palakihin ang inyong mga anak. Pakakainin n'yo sila ng tanghalian; sa hapunan gutom na naman sila. Pakainin n'yo sila ng hapunan; gutom na naman sila kinaumagahan. Bibilhan n'yo sila marahil ng pares ng sapatos; kung kagaya nila ako, mga dalawa o tatlong buwan lang bibilhan n'yo na naman sila ng panibagong pares. Bibilhan n'yo sila marahil ng damit sa buwan na ito; isang buwan lang o dalawa bibilhan n'yo na naman sila ng panibagong damit. Kita n'yo? Wala ngang bagay na mahaba ang tinatagal. Walang bagay na matibay. Walang bagay na tumatagal.

Huwag mong hangarin itong walang
kabuluhan yaman ng sanlibutan,
Na anupa't napakadali namang pumaparam,
Ang iyong pag-asa'y itayo sa mga bagay na
Walang Paglaho,
Hinding-hindi ito kailanman maglalaho!

Ang panahon ay punung-puno ng mabilis na
pagbabago,
Walang bagay sa mundo ang hindi maguguho,
Ang iyong pag-asa'y itayo sa mga bagay na
Walang Paglaho,
Sa kamay ng Diyos na di nagbabago halina't
manghawakan tayo!

Hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

Pakinggan:

When our journey is completed, (Ipaaalam
Niya sa atin kapag tapos na.)
If to God we have been true,
Fair and bright our home in Glory, (Ang
pinahirang Bayan na 'yun.)
Our enraptured soul shall view!

Hold to God's unchanging hand!
 Hold to God's unchanging hand!
 Build your hopes on things Eternal,
 Hold to God's unchanging hand!

Covet not this world's vain riches,
 That so rapidly decay,
 Just build your hopes on things Eternal,
 They will never pass away!

Hold to God's unchanging hand!
 Hold to God's unchanging hand!
 Build your hopes on things Eternal,
 Hold to God's unchanging hand!

Habang iniyuyuko natin ang ating ulo, kung hindi pa kayo nakakapanghawakan sa Kanyang kamay, maaari ba kayong na dumulog ngayon at gawin ito?

Hold to God's unchanging hand!
 Build your hopes on things Eternal,
 Hold to God's unchanging hand!

¹⁴⁴ Munting batang babae, isa kang magandang munting dalaginding ngayon. Maganda ang buhok mo, ang munti mong mga pisngi'y mala-rosas. Pero, alam mo, bukas mismo, haya't, kukupas din 'yan. Papaano natin malalaman na anupa't sa susunod na sanlinggo ay kakainin na ng mga kulisap, sa lupa, ang magaganda't, mumunting, mala-rosas na pisnging 'yan?

¹⁴⁵ Kabataang kapatid na lalaki, malakas ka, malaki, matikas ang kalamnan; malaki ang potensyal mo. Pero dadatal ang panahon, bukas mismo, ang magaganda't, paalon-alon na buhok na 'yan ay malalagas, at ang matitira na lang sa'yo ay mag-uuban pa. Yang malalaki't, tuwid na mga balikat na 'yan ay huhukot, at ang mga kulisap ay magsisimulang manginain sa mga braso't laman. Paglalahuin ka nila, na maging alabok.

So, build your hopes on things Eternal,
 They shall never pass away!

Hold to God's unchanging hand!
 Hold to God's . . .

Gusto kong iunat n'yo at panghawakan ang Kanyang kamay ngayon.

Build your hopes on things Eternal,
 Hold to God's unchanging hand!

Then when this journey is completed,
 (Mangyayari, balang araw.)
 If to God you have been true,
 Fair and bright your home in Glory,
 Your enraptured soul will view!

Why don't you hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

¹⁴⁶ Marami akong tanawin na nakita, halos tatlumpu't isang taon sa likod ng lamesa. May nakakalungkot na mga tanawin akong nakita; may maluwalhating mga tanawin akong nakita. Ang pinaka nakakalungkot na tanawin na nakita ko sa buhay ko. . . Gayong maraming beses ay nakakakita ako ng mga paslit sa lansangan na halos mamatay na sa gutom; hayan din ang mga nanay na nakikita kong nagmamakaawa para sa isang pirasong tinapay. Ang kalunus-lunos na bagay na nakita ko kailanman, ay makita ang isang tao, isang nilalang na tao, at ang dapat sana'y anak siya ng Diyos, mamamatay na lang ng di nakikilala ang Diyos.

¹⁴⁷ Naalala ko ang isang babae na nakatayo sa may pintuan isang gabi, ng simbahang ito, na tinawanan ako. At ang sabi pa'y, "Ni hindi ko pahihintulutan kahit baka ko na magkamit ng ganyang klaseng relihiyon na mayroon siya!" Wala pang isang oras, pinatawag ako sa ospital. Magandang babae, mga dalawampu't dalawang taon, dumadaing siya nang malakas, "Papuntahin n'yo ang mangangaral na 'yun dito!" Isa siyang Katoliko, sa pananalig.

Nung pumasok na ako roon, may isang matandang kapatid na babae ang nagsabi, "Nahuli ka na, Kapatid na Branham. Namatay na siya nang mga limang minuto ang nakararaan."

Sabi ko, "Maaari ko ba siyang makita?"

Sabi, "Dumaing siya nang malakas para sa iyo, na ang huling pananalita niya'y, 'Papuntahin n'yo ang mangangaral na 'yun, na si Kapatid na Branham!'"

Naroon ang asawa nitong lalaki, dumadaing nang malakas, "Ipagdasal mo siya! Ipagdasal mo!"

Sabi ko, "Huli na ngayon."

¹⁴⁸ Ibinaba ko 'yung takip. May malalaking kulay-kapeng mga mata siya. Magandang babae; may mumunting mga pekas sa mukha niya; kulay-tsokolate ang buhok; maganda. Grabe ang dinanas niyang hirap na 'yung mga pekas niya'y bumukol sa mukha niya na parang naging taghiyawat. Lumuwa ang mga mata niya mula sa kinalalagyan nun, nang paganoon. At, hayan din, na 'yung bituka't mga bato niya'y pumalya, na sa mga—sa mga. . . Lahat ng naghihingalo ay dumadanas nun, kadalasan. At hayun nga siya, nakaratay na ganoon ang kalagayan, ang bibig niya'y nakabukas. At 'yung talukap niya rito, kalahatiang tinatakpan ang kulay-kapeng bahagi ng kanyang mata. Hindi ko nga 'yun maaalis sa isip ko. Pumasok sa isip ko ang awiting 'yun.

Covet not this world's vain riches.
(Kabighanian, karangyaan.)

149 Tumayo ako minsan sa tabi ng isang lalaki sa dako rito ng Port Fulton, naghihingalo siya. Pinatawag nila ako sa tabi ng kanyang kinararatayan. At minsa'y nanalangin ako't narito siya sa may altar nung isang gabing 'yun. Iniakbay niya ang bisig niya sa isang babae. Sabi ko, "Alisin mo ang bisig mo sa binibining 'yan."

Sabi niya, "Inaakay ko lamang siya patungo sa Diyos."

150 Sabi ko, "Pero huwag mong iakbay ang bisig mo sa kanya." Di kasi ako kumpurme sa ganun. Nagalit siya sa akin. Padabog siyang lumabas ng pinto.

Pinuntahan ko siya, makalipas ang ilang panahon, noong mamamatay na siya. Tiningnan niya ako sa mukha, sabi, "Huwag mo na akong ipanalangin, Kapatid na Bill. Ligaw na ako. Wala na ako." Sabi, "Lahat ng nakamtan ko, wala na."

151 Tumayo ako rito sa may sulok, sa banda lang dito, isang araw, sa isang lalaki na pinatawag ako sa kinararatayan niya nung naghihingalo na siya. Sabi niya, "Noon pa ma'y gustung-gusto ko na sana 'yung *ganito-at-ganoon*, at ganito." Sabi niya, "Pero di ko pinaglingkuran ang Panginoon. Ilang beses akong umiwas-iwas para hindi lang makadulog sa altar." Sabi niya, "Kapatid na Branham, ipanalangin mo na ipahintulot ng Diyos na ang munti kong anak na babae ang magbayad para sa mga bagay na nagawa ko. Marahil may magagawa siya para sa Panginoon."

152 Sabi ko, "Hindi 'yun puwede, kapatid. Ang mga bagay na dapat ginawa mo na sana noon ay wala na." Hum!

153 Tumayo ako sa tabi ng isang lalaki noon, nakita ko kung paanong nagpupumiglas siya sa mga diyablo ng beinte kuwatro oras. Ang sabi niya'y nakatayo raw ang mga diyablo sa tabi ng kanyang kinararatayan na may mga kadena na nakasabit sa kanilang leeg. Sabi, "Huwag n'yo silang hayaan na kunin ako!" Pumapalahaw; hinahawakan na siya sa kama. Sabi, "Hayan siyang nakatayo. Hindi n'yo ba nakikita? Ito'y papalapit na para kunin ako." Binalewala niya ang Diyos, nang matagal. Hayan nga na may mga kamalig siya na punung-puno ng dayami, punung-puno ng trigo, mainam na mga kabayong pang-karera. Isang taon bago 'yun, isinumpa niya ang Diyos sa Kanyang harap; sinampal niya ang asawang babae dahil dumadalo sa tabernakulo. Alam n'yo ba kung anong nangyari? Tinamaan ng kidlat ang kamalig niya, at napatay ang kanyang mga kabayo, natupok ang kanyang mga dayami. At namatay 'yung lalaki habang nasa kung anong pagka-usog, akmang nagpupumiglas sa mga diyablo na kukuha raw sa kanya.

¹⁵⁴ At may isang matagal ko nang kaibigan (maluwalhati!) na naroon na sa ibayo, na dumating sa dulo ng daan. Sabi ko, “Payao ka na ba, itay?”

Sabi, “Ito na ’yun, Billy.”

Sabi ko, “Kumusta naman?”

¹⁵⁵ Sabi niya, “Mabuting lahat.” Sabi, “Dalhin mo ang mga anak ko dito sa tabi ng kinararatayan ko.” Ipinatong niya ang matandang nanghihinang mga kamay niya sa ulunan ng bawat isa niyang mga anak at binasbasan sila. Sinabi niya sa dalawa niyang anak na lalaki, sabi, “Itaas n’yo ang mga kamay ko, itaas n’yo ang mga ito, katulad ng ginawa nila Josue at Caleb.” Inaabangan ko’t ano kaya ang sasabihin niya. Sabi niya:

Araw na masaya, araw na masaya,
Noong anurin ng Diyos ang aking mga
pagkakasala!
Itinuro Niya sa akin kung papaano magmatyag
at manalangin,
At mabuhay na nagbubunyi sa bawat araw na
dumarating.

Talagang darating at darating din tayo sa mga bagay na ito, mga kaibigan! Wala namang tao na anupa’t di nangangarap na makakain ng masarap na pagkain, makapagmaneho ng maayos na sasakyan, magkamit ng pinakakalidad talaga na makakamit natin. Di ko nga masisisi ang lalaki. Ayos lang ’yun. Ibig din naman ng Diyos na makamit n’yo ang ganoon, pero:

Covet not this world’s vain riches,
That so rapidly decay,
Build your hopes on things Eternal,
They will never pass away!

Sige’t itaas lang natin ang ating mga kamay ngayon habang umaawit tayo.

Hold to God’s unchanging hand!
Hold to God’s unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God’s unchanging hand!

¹⁵⁶ Habang nakatayo tayo, bumaling lang tayo sa paligid at makipag-kamay sa mga tao riyan ngayon. Ipagpapatuloy natin, ang gawain, maya-maya. Pero gusto kong bumaling lang kayo uli at awitin ang isa pang talata ng awiting ito.

Hold to God’s unchanging hand!

Gawin n’yo lang, tatay! Gawin n’yo lang, itay! Sa Diyos!
Gawin n’yo lang, kabataan! Gawin n’yo lang, kapatid na lalaki!
Gawin n’yo lang, kapatid na lalaki!

Build your hopes on things Eternal,
Hold to God’s unchanging hand!

¹⁵⁷ Hindi ba't nagagalak kayo dahil sa Kanya? Sabihin "Amen!" [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Lahat ng umiibig sa Kanya'y, magsabi ng, "Purihin ang Panginoon." ["Purihin ang Panginoon!"] Lahat ng nananampalataya na pupunta kayo sa Bayan na 'yun na parisukat, itaas ang inyong kamay. (Itaas n'yo lang, pansumandali, kasabay nitong pag-awit n'yo.)

I'm bound for that beautiful City, (Paano nga
uli 'yun?)
Lord has prepared for His Own;
Where all the redeemed of all ages
Sing "Glory!" around the White Throne;
Sometimes I grow homesick for Heaven,
And the glory I there shall behold:
What a joy that will be, when my Saviour I see,
In that beautiful City of gold.

Hindi ba't gustung-gusto n'yo 'yan?

I'm bound for that beautiful City,
My Lord has prepared for His Own;
Where all the redeemed of all ages
Will sing "Glory" around the White Throne;
Oh, sometimes I grow homesick for Heaven,
And the joys I there shall behold:
What a joy that will be, when my Saviour I see,
In that beautiful City of gold.

Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung ganoon:

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
(O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon, huwag n'yong kalimutan sa susunod na Linggo, alas nuwebe y media. At pagkatapos sisikapin natin, kung loobin ng Panginoon, matapos nang tama sa oras, para makapanalangin pa sa mga maysakit, sa susunod na Linggo ng alas nuwebe y media.

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
(O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Pakinggan n'yo lang itong talata na ito:

At the Name of Jesus bowing,
As a Shield from every snare;
When temptations round you gather,
Just breathe that Holy Name in prayer. (Sapat
na 'yun!)

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
(O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Precious Name) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon ibinibigay ko na ang gawain sa pastor, kay Kapatid na Neville, para sa pagtatapos na pananalita at kung ano pang sasabihin niya.



*ANG ANIM NA LUPING LAYUNIN NG
PAGBISITA NI GABRIEL KAY DANIEL TAG61-0730E*
(The Sixfold Purpose Of Gabriel's Visit To Daniel)
SERYE NG ANG PITUMPUNG SANLINGGO NI DANIEL

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Hulyo 30, 1961 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org